SFUSD

# Gabay sa Pagpapa-enroll 2019-2020




## Mag-aplay bago sumapit ang Enero 11, 2019

TAGALOG

# Welcome to San Francisco Public Schools

## Pahayag ng Misyon (Mission Statement)

Nagkakaloob kami araw-araw sa bawat mag-aaral ng de-kalidad na instruksiyon at makatarungang suporta na kinakailangan upang umunlad sa ika-21 siglo.

## Bisyon ng Tagumpay ng mga Mag-aaral

Matutuklasan ng bawat estudyanteng pumapasok sa mga paaralan ng SFUSD ang kanyang ningning, pati na rin ang pagkakaroon ng matibay na pagkilala sa sarili at tunguhin. Magtatapos ang bawat estudyante ng high school na handa para sa kolehiyo at karera at may taglay na kakayahan, kapasidad, at kalooban na nakabalangkas sa Larawan ng Nagtapos (Graduate Profile) ng SFUSD.



# Liham ng Superintendente



Mahal na mga magulang, pamilya at mag-aaral:

Salamat sa pagpili sa mga pampublikong paaralan ng San Francisco.

Dito sa SFUSD, binibigyan kami ng motibasyon araw-araw ng tunguhing mapangalagaan ang lubusang nakikilahok at masayahing mga mag-aaral. Ikinararangal namin ang pagkakaroon ng iba't ibang naihahandog ng mga paaralan, at may dedikasyon ang aming mga kawani na paghusayin pa ang pagiging malikhain, kritikal na pag-iisip at kakayahan sa pakikipagkolaborasyon ng bawat estudyante, ano mang paaralan ang pinapasukan ng inyong anak.

May mga mahuhusay na guro ang ating distrito at naniniwala sila sa pagbibigay sa lahat ng estudyante ng mga karanasan sa pag-aaral na nagbubunsod ng pakikilahok, nagpapatibay sa nakakagawiang matalas na pag-iisip, at nagbibigay-suporta sa lubusang paggagap sa mga kakayahan, at sa gayon, maihanda sila para sa habambuhay na tagumpay.

Pinahahalagahan namin ang diversity o mga pagkakaiba-iba, at may pananagutan kaming suportahan ang mga estudyanteng mula sa iba't ibang pinagmulan, at iba't iba rin ang paraan ng pagkatuto.

Naghahandog ang bawat paaralan sa mga estudyante ng oportunidad na lalo pang magkaroon ng akademikong pag-unlad, maging higit na malikhain, at magkaroon ng kagalingan ng katawan at isip sa pamamagitan ng:

- Mga kurso sa Matematika at Ingles na naka-ayon sa mahihigpit na pamantayan ng estado;
- Mga programa sa sining biswal, sining ng pagganap at musika;
- Komprehensibong pisikal na edukasyon linggo-linggo;
- Sosyo-emosyonal na pagkatuto, tulad ng pakikipagkomunikasyon ukol sa mga nararamdaman, at paglutas sa mga hindi pagkakasundo;
- Suporta para sa kalusugan at kagalingan ng isip at katawan ng mga estudyante mula sa mga nars at social worker ng paaralan;
- Masusustansiyang almusal at tanghalian sa paaralan;
- Pinahusay pang pagkatuto sa pamamagitan ng mga library o aklatan at teknolohiya; at
- Mga oportunidad na matuto sa labas ng paaralan.

Gumagamit kami ng pamamaraang holistiko sa pagsuporta sa mga estudyante tungo sa pagkakaroon ng tagumpay sa kani-kanilang buhay, at pagkakaroon ng positibong epekto sa ating komunidad.

Matutulungan kayo at ang inyong anak ng gabay na ito na malaman ang tungkol sa mga oportunidad sa SFUSD. Naririto ang ating website sa sfusd.edu na nasa iba't ibang wika at ang mga tagapayo sa pagpapa-enroll (enrollment counselors) sa Sentro para sa Pagbibigay ng Puwesto sa mga Institusyong Pang-edukasyon (Education Placement Center) na nasa 555 Franklin St., upang matulungan kayo sa proseso ng pag-aaplay sa paaralan ng SFUSD.

Prayoridad namin ang edukasyon ng inyong anak. Inaasahan namin ang paglilingkod sa inyo!

Sumasainyo,

Superintendente Dr. Vincent Matthews
San Francisco Unified School District








# Talaan ng mga Nilalaman


| | |
|---|---|
| **Mensahe ng Superintendente** | 3 |
| **Tuklasin: Mga Tip para sa Pagpili ng Paaralan** | 7 |
| **Mag-aplay** | 11 |
| Kung paano mag-aplay: Mga Hakbang 1-4 | 12 |
| Kung Saan Kukuha ng Tulong | 14 |
| Mga Kailangan para sa Aplikasyon | 16 |
| Mga Paglipat sa Pagitan ng mga Distrito o Interdistrict Transfers | 18 |
| Mga Kaugnay na Polisiya at Serbisyo | 19 |
| Mga Mag-aaral na nasa Transisyon | 20 |
| Para sa Mga Mag-aaral ng Ingles: Kung paano mag-aplay | 22 |
| Mga Landas na Mahigit sa Isa ang Wika | 24 |
| Espesyal na Edukasyon: Kung paano mag-aplay | 26 |
| **Mag-enroll** | 31 |
| Paano Mag-enroll: Mga Hakbang 1-3 | 32 |
| Polisiya sa Pagtatalaga ng Puwesto sa Mag-aaral | 33 |
| **Mga Suporta sa Estudyante at Pamilya** | 37 |
| Pakikilahok at Mapagkukunan ng Tulong at Impormasyon ng mga Pamilya | 38 |
| Mga Programang Before at Afterschool (Bago at Matapos ang Klase) | 40 |
| Transportasyon Papunta sa Paaralan | 42 |
| **Tuklasin Mga Paaralan ng SFUSD** | |
| Prekindergarten | 45 |
| Transisyonal na Kindergarten | 49 |
| Mga Paaralang Elementarya | 53 |
| Mga Middle School (Panggitnang Paaralan) | 81 |
| Mga High School (Mataas na Paaralan) | 91 |
| Teknikal na Edukasyon para sa Mga Karera sa Kinabukasan (Career Technical Education) | 94 |
| Pag-aaplay sa Ruth Asawa SOTA | 103 |
| Pag-aaplay sa Lowell | 104 |
| Mga Paaralang Alternatibo | 106 |
| Mga Paaralang Tsarter | 108 |


Ipinaliliwanag ng Gabay sa Pagpapatala o Pagpapa-enroll (Enrollment Guide) ng SFUSD ang proseso ng pag-aaplay at pagpapa-enroll sa mga pampublikong paaralan ng San Francisco. May impormasyon din sa gabay na ito tungkol sa mga paaralan, programa, serbisyo, at polisiya ng SFUSD. Kailangang sumangguni sa gabay na ito ang mga pamilya kapag sinasaliksik ang mga opsiyong paaralan ng kanilang anak, kinokompleto ang aplikasyon ng anak, o kung may mga tanong sila tungkol sa proseso.

Posibleng magbago ang impormasyon

Tama ang impormasyon sa gabay na ito sa panahon ng publikasyon (Setyembre 2018). Gayon pa man, posibleng maglipat, magtanggal, magpalit, magbago, o magdagdag ng mga programa. Gagawan ng publisidad ang malalaking pagbabago kapag napag-alaman ang mga ito.





# Mga Tip sa Pagpili ng Mga Paaralan

Naghahandog ang SFUSD ng maraming de-kalidad na programang pampaaralan. Siyasatin ang inyong mga opsiyon upang malaman kung aling mga paaralan ang pinakamakatutugon sa mga pangangailangan ng inyong anak.

**Manaliksik tungkol sa mga paaralan**
Gamitin ang gabay na ito o bisitahin ang www.sfusd.edu/en/schools/all-schools.html

**Dumalo sa Pista para sa Pagpapa-enroll (Enrollment Fair) ng SFUSD**
Direktang makipag-usap sa kinatawan ng mga paaralan sa Oktubre 13, 2018 sa John O'Connell High School.

**Bisitahin ang mga paaralan**
Makipagkita sa mga kawani, alamin ang tungkol sa mga programa, at pakiramdaman ang kampus.

**Makipag-usap sa mga magulang**
Direktang pakinggan ang kanilang mga karanasan.

**Magsimula sa pagraranggo ng inyong mga opsiyong paaralan**
Puwedeng kayong maglista ng walang limitasyong bilang ng mga pinipiling paaralan ayon sa pagkakagusto ninyo sa mga ito.

Nakalista ang lahat ng pampublikong paaralan ng San Francisco sa gabay na ito sa mga sumusunod na pahina:


- Nagsisimula ang mga Paaralan para sa Maagang Edukasyon o Early Education (prekindergarten) sa pahina 44
- Nagsisimula ang mga Paaralang Elementarya (kasama na ang transisyonal na kindergarten sa pahina 48
- Nagsisimula ang mga Middle School (Panggitnang Paaralan) sa pahina 52
- Nagsisimula ang mga High School (Mataas na Paaralan, kasama na ang mga alternatibong high school) sa pahina 80
- Nagsisimula ang mga Paaralang Tsarter sa pahina 90



Kasama sa bawat paaralan ang maiksing deskripsiyon upang matulungan kayong maintindihan ang mga programa at katangian ng paaralan, at maipaghambing ang mga paaralan na nasa iba't ibang lugar at may iba't ibang programa. Makatutulong ang mga sumusunod na icon o simbolo para lalo pang makapagsiyasat:

- Kailangan ng uniporme sa paaralang ito
- AM — May makukuhang Programang Before School (bago ang klase) sa paaralan
- PM — May makukuhang Progrmang Afterschool (pagkatapos ng klase) sa paaralan
- Naghahandog ng Landas sa Wika (Language Pathway)
- Mayroong pokus o pagtutuon sa STEAM (Siyensiya, Teknolohiya, Pag-iinhinyero, Musika) ang paaralan
- May makukuhang school bus mula sa ilang zip code
- Nagkakaloob ng hapunan sa Afterschool

PAGPAPAHUSAY SA

# MGA ESTUDYANTENG NAGTATAGUMPAY

LARAWAN NG MGA NAGSISIPAGTAPOS (GRADUATE PROFILE) SA SAN FRANCISCO UNIFIED SCHOOL DISTRICT



## KAALAMAN SA NILALAMAN NG MGA ASIGNATURA

**Handang mag-isip, matuto at umunlad.**

Tinutulungan namin ang aming mga estudyante na lubusang magagap ang mga batayang kaalaman na kailangan nila para magtagumpay -- tulad ng matematika, Ingles, computer science at sining --at mapahusay pa ang mga kakayahan sa paglutas ng problema at kritikal na pag-iisip.

## PAGIGING MALIKHAIN

**Handa sa paglikha.**

Nagbibigay kami ng mga oportunidad sa aming mga estudyante na maging malikhain at maging nasa sentro ng mga solusyon. Hinaharap nila ang mga problemang tulad ng tagtuyot sa California o nagtatrabaho sila upang mapaganda o mapahusay pa ang mga pisikal na kapaligiran ng paaralan.

## MGA KAKAYAHAN SA KARERA AT BUHAY

**Handa para sa karera. Handa para sa buhay.**

Tinutulungan namin ang aming mga estudyanteng magkaroon ng kaalaman, kakayahan at karanasan na kailangan nila upang maharap ang tunay na mundo. Nakikipag-partner kami sa mga kompanyang Xoom at Salesforce upang mailantad ang estudyante sa totoong mga hamon at nang matutunan nila kung paano malutas ang mga ito.

## PANDAIGDIGAN, LOKAL, AT DIGITAL NA IDENTIDAD

**Handa upang harapin ang nagbabagong mundo.**

Binibigyan namin ang mga estudyante ng kakayahang kailangan nila para magtagumpay sa kinabukasan. Natututo sila ng mga bagong wika, naiintindihan ang mga bagong teknolohiya, o lumalahok sa lokal na pag-aaprentis.

## PAMUMUNO, PAKIKIRAMAY AT PAKIKIPAGKOLABORASYON

**Handa para mamuno. Handang makipagtrabaho sa iba.**

Nag-oorganisa kami ng mga gawain kung saan may mga team o nagpapangkat-pangkat sila, at nang matulungan ang mga estudyante na makipagtrabaho sa isa't isa. Hinihikayat namin ang mga estudyante na makipagtrabaho rin sa ka-partner sa labas ng klasrum -- tulad ng mga kapamilya o tagagabay o mentor-- para maihanda sila sa pamumuno at mga kolaborasyon.

## PAGKAKAROON NG LAYUNIN AT PAGKAUNAWA SA SARILI

**Handa na maging pinakamagaling.**

Naniniwala kami sa bawat isa sa aming mga estudyante. Pinangangalagaan namin ang kanilang pag-unlad at tinuturuan sila ng mga aral sa buhay upang makilala nila ang kanilang layunin at kahalagahan. Hinihikayat namin ang bawat estudyante na maabot ang pinakamakakayanan, kailangan man ng dagdag na suporta o bagong hamon.

SAN FRANCISCO PUBLIC SCHOOLS

# BATAY SA MGA NUMERO




Mga programa sa wika




May sining biswal at sining sa pagganap (performing arts) sa bawat paaralang elementarya




High school na mga akademya para sa karera at teknolohiya




Karaniwang bilang ng mga taon na nakapagturo na sa SFUSD ang aming mga guro



# 2019-2020 Mahahalagang Petsa para sa Pagpapa-enroll

**Oktubre 13, 2018**
Pista para sa Pagpapa-enroll ng SFUSD 9 a.m. - 2 p.m. sa John O'Connell High School

**Disyembre 14, 2018**
Huling araw ng pagsusumite ng aplikasyon sa Lowell High School para makapasok sa ika-9 grado (tingnan ang pahina 106)

**Enero 11, 2019**
Huling araw ng pagsusumite ng aplikasyon sa lahat ng TK-12 paaralan ng SFUSD sa Assignment Period (panahon ng pagtatalaga ng puwesto) sa Marso

**Enero 16, 2019, 3:00 p.m.**
Huling araw ng pagsusumite ng aplikasyon sa Ruth Asawa School of the Arts (tingnan ang pahina 105)

**Linggo ng Marso 18, 2019**
Ipadadala sa pamamagitan ng koreo ang mga alok ng puwesto sa mga pamilyang nag-aplay bago sumapit ang Enero 11

**Marso 25-29, 2019**
Spring Break - sarado ang lahat ng mga paaralan

**Abril 5, 2019**
Huling araw ng pagpaparehistro at nang matanggap ang inalok na puwesto noong Marso // Huling araw ng pagsusumite ng aplikasyon para sa mga bagong puwesto sa paaralan para sa Placement Period sa Mayo

**Linggo ng Mayo 20, 2019**
Ipadadala sa pamamagitan ng koreo ang mga alok ng puwesto sa mga pamilyang nag-aplay bago sumapit ang Abril 5

**Mayo 31, 2019**
Huling araw ng pagpaparehistro at nang matanggap ang inalok na puwesto noong Mayo

## 01 Ihanda ang mga Dokumento

Kailangang tipunin ng mga pamilyang nag-aaplay para sa TK o kindergarten at ng mga pamilyang bago sa SFUSD ang mga sumusunod na dokumento at maging handa na isumite ang mga ito nang kasama ng kanilang aplikasyon.

- Identipikasyon na may litrato para sa mga magulang/tagapatnubay ng bata
- Patunay ng kapanganakan ng bata (sertipiko ng kapanganakan, rekord sa ospital). Kung hindi nakalista sa dokumento ang pangalan ng magulang/tagapatnubay, kailangan ng karagdagang pagtitiyak para mapatunayan ang pagiging tagapatnubay.
- Isang dokumento na nagpapatunay ng address ng tahanan (na may nakalistang pangalan ng magulang/tagapatnubay).

Listahan ng mga katanggap-tanggap na patunay ng address ng tahanan (kailangang orihinal at kasama ang pangalan at address ng magulang o ng tagapatnubay):

- Kontrata, statement o pahayag o resibo ng pagbabayad para sa serbisyong pampubliko; mula sa mga ahensiyang tulad ng PG&R, tubig, cable o basura na nasa loob ng 45 araw (walang tatanggaping singil para sa cell phone)
- Pagpaparehistro sa sasakyan at ang polisiya sa seguro ng sasakyan o auto insurance policy (pahina ukol sa mga deklarasyon), na kailangang pinakabago (bibilangin bilang iisang patunay)
- Polisiya sa seguro ng may-ari ng tahanan, o ng umuupa, na kailangang pinakabago
- Pahayag ng pagbabayad ng buwis (property tax statement), na kailangang ukol sa kasalukuyang taon ng pagtatasa (assessment year).
- Mga sulat mula sa ahensiya ng gobyerno na may petsang nasa loob ng 45 araw
- Patunay ng paglilipat ng pagmamay-ari (grant deed), titulo ng ari-arian
- Kontrata para sa pag-upa ng ari-arian, lease o kontrata sa pag-upa ng tirahan, o resibo ng pagbabayad na nasa loob ng 45 araw
- Mga kasunduang Seksiyon 8, na kinakailangang pinakabago
- Affidavit o sinumpaang salaysay na isinagawa ng magulang o legal na patnubay ng mag-aaral
- Mga pay stub (rekord ng suweldo), na nasa loob ng 45 araw
- Pagpaparehistro ng botante, na kinakailangang pinakabago

Hindi kami tumatanggap ng mga singil sa cell phone bilang patunay ng address.

Para sa kasalukuyang mga magulang/tagapatnubay ng SFUSD na hindi pa nagpapalit ng address ng tahanan, isang identipikasyon na may litrato lamang ang kailangan. Kung nagbago na ang address ng tahanan, kailangang magbigay ang mga magulang/tagapatnubay ng isang patunay ng address kasama ng identipikasyon na may litrato.

## 02 Kompletuhin ang Aplikasyon

Puwede nang makakuha ng mga form sa pag-aaplay para sa 2019-20 sa Oktubre 15, 2018 sa EPC at sa anumang paaralan. Puwede rin ninyong i-print ang aplikasyon mula sa www.sfusd.edu/enroll. Pakikompleto ang lahat ng seksiyon ng aplikasyon. Hindi mapoproseso ang hindi kompletong aplikasyon bilang aplikasyong nasa oras. Tandaang kailangan ninyong pirmahan ang aplikasyon upang tiyakin na tama ang ibinigay ninyong impormasyon. Kailangang ilista sa aplikasyon ang mga paaralan at programa na gustong enrolan ng inyong anak ayon sa pagkakagusto ninyo, kung saan nasa pinaka-itaas ang pinakagusto. Puwedeng hilingin ng mga estudyante ang anumang paaralan sa SFUSD na mayroong antas ng kanilang grado. Walang limitasyon sa bilang ng mga paaralan na puwedeng hilingin ng mga estudyante sa kanilang aplikasyon.





Ang mga estudyanteng magsusumite ng kanilang aplikasyon bago sumapit ang Enero 11, 2019, ang may pinakamalaking tsansa na mabigyan ng puwesto sa kanilang hiniling na paaralan.

## 03 Isumite ang Aplikasyon

| Pagsusumite sa Inyong Aplikasyon ... | Isumite ang inyong aplikasyon sa ... |
|---|---|
| • Bago sa SFUSD<br>• Nag-aaplay para sa mga grado 1-5, 7-8, 10-12 at lumilipat ng paaralan sa loob ng SFUSD | Sentro para sa Pagbibigay ng Puwesto sa mga Institusyong Pang-edukasyon (Educational Placement Center)<br>8 a.m. hanggang 4:30 p.m. Lunes-Biyernes |
| • Nag-aaplay para sa mga grado K, 6, o 8 sa mga paaralan ng SFUSD | • Educational Placement Center<br>• West Portal Elementary School<br>4-7 p.m. sa Enero 9, 2019<br>• Sutro Elementary School<br>4-7 p.m. sa Enero 10, 2019<br>• Daniel Webster Elementary School<br>4-7 p.m. sa Enero 11, 2019<br>• Leola Havard Early Education School<br>8:30 a.m.-2:30 p.m. sa kabuuan ng akademikong taon |
| • Nag-aaplay sa kindergarten at may nakatatandang kapatid na kasalukuyang pumapasok sa paaralang elementarya ng SFUSD | • Paaralan ng SFUSD ng kapatid |

## 04 Mga Eksamen sa Wika ng Paaralan (ayon sa pangangailangan)

Ang mga estudyanteng nagsasalita ng ibang wika, bukod pa sa Ingles, at naglista ng Landas sa Pag-aaral Gamit ang Dalawang Wika (Dual Language Pathway) bilang pinipiling paaralan, ay posibleng bigyan ng eksamen para sa kanilang kasalukuyang kakayahan sa wika, at nang magawan ng ebalwasyon ang kahusayan ng bata sa wika ng pathway. Kailangang isumite nang maaga ng magulang/tagapatnubay ang aplikasyon para sa pagpapa-enroll ng bata, at nang makapagtakda sila ng pakikipagkita sa tagapayo (counselor) ng EPC at makompleto ang mga kailangang eksamen. May makukuhang iba pang impormasyon tungkol sa mga eksamen sa seksiyon na Mag-aaral ng Ingles (English Learner) na nasa pahina 22.

### Sino ang dapat mag-aplay?

Kailangang mag-aplay ang mga estudyanteng bago sa SFUSD, estudyanteng papasok sa transisyonal na kindergarten (TK) o kindergarten, estudyanteng nagtatransisyon mula sa elementarya tungo sa middle school (panggitnang paaralan) o mula sa middle school tungo sa high school (mataas na paaralan), o estudyanteng gustong magpalit ng paaralan, bago sumapit ang Enero 11, 2019.

### Mga Tagapayo para sa Pagbibigay ng Puwesto (Placement Counselors)

Ang Sentro para sa Pagbibigay ng Puwesto sa mga Institusyong Pang-edukasyon (Educational Placement Center, EPC) ang lugar kung saan puwedeng mag-aplay ang mga magulang/tagapatnubay para ipa-enroll ang kanilang anak sa paaralan ng SFUSD. May makakausap na Placement Counselor upang matulungan ang mga pamilya sa proseso ng pagpapa-enroll, nang buong taon, sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong, pagpapaliwanag sa proseso ng pagbibigay ng puwesto, at iba pang pangangailangan kaugnay ng pagpapa-enroll. Hindi kinakailangan ng pagpapa-appointment o pagtatakda ng pag-uusap para maki-pagkita sa Placement Counselor. Pakibisita ang EPC sa mga oras ng trabaho.

### Mga Workshop o Palihan para sa Pagpapa-enroll

Naghahandog din ang EPC ng mga workshop upang matulungan ang mga pamilya sa mahahalagang impormasyon para sa pagpapa-enroll. Puwede ring maisumite ang mga nakompletong aplikasyon sa mga workshop na ito.

Upang humiling ng serbisyo sa pagsasalin para sa workshop o pagtitipon ng EPC, tumawag sa 415-522-7343.

Para alamin pa ang tungkol sa mga pagtitipon at workshop ng EPC, bisitahin ang www.sfusd.edu/enroll.

### EPC Lokasyon at mga Oras ng Trabaho

555 Franklin St., Room 100
San Francisco, CA 94102
Telepono: 415-241-6085 | Fax: 415-241-6087
8:00 a.m. hanggang 4:30 p.m. Lunes-Biyernes

Para sa propesyonal na pagpapaunlad ng mga kawani (staff professional development), nagbubukas ang EPC nang 10 a.m. minsan sa isang buwan. Pakitingnan ang aming website para sa mga petsa. Sarado ang EPC sa mga sumusunod na araw:

11/12/2018 (Araw ng mga Beterano)
11/22-23/2018 (Thanksgiving o Araw ng Pasasalamat)
12/25/2018 (Araw ng Pasko)
1/1/2019 (Araw ng Baong Taon)
1/21/2019 (Araw ni Martin Luther King Jr.)
2/18/2019 (Araw ng Presidente)
5/27/2019 (Memorial Day o Araw ng Paggunita)
7/4/2019 (Araw ng Kasarinlan)
9/2/2019 (Araw ng Paggawa)
10/14/2019 (Araw ni Columbus/Araw ng mga Katutubo/Día de la Raza)

### Suporta sa wika sa EPC

Para makakuha ng dagdag na tulong, puwede ninyong tawagan ang EPC, at nang may makausap na indibidwal na kawani. Para makausap ang mga kawani ng EPC, pakitawagan ang (415) 241-6085. Puwede kayong idirekta ng numero ng telepono na ito sa kawani ng SFUSD para sa mga sumusunod na wika: Cantonese, Ingles, Filipino, Mandarin, Espanyol, at Vietnamese. Kasama sa mga kawani na nagbibigay ng suportang ito sina:

- Lynn Kwong – 415-241-6085 ext. 1138 (Ingles/Cantonese/Mandarin)
- Tomás Beccar Varela – 415-241-6085 ext. 1134 (Ingles/Espanyol)
- Hans Gong – 415-241-6085 ext. 1129 (Ingles/Vietnamese)
- Catalina Pajar – 415-241-6310 (Filipino)

**Patakaran sa Di-Diskriminasyon**

Ang mga programa, aktibidad, at gawi ng San Francisco Unified School District ay libre sa labag sa batas na diskriminasyon, panliligalig, pananakot, at pang-aapi batay sa aktwal o pinaghihinalaang lahi, kulay, ninuno, bansang pinanggalingan, pagkilala ng etnikong grupo, edad, relihiyon, katayuan sa pag-aasawa o magulang, pisikal o mental na kapansanan, kasarian, oryentasyong sekswal, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, o pagpapahayag ng kasarian; o batay sa pagsasamahan ng isang tao sa isang tao o grupo na may isa o higit pa sa mga aktwal o nakitang katangian na ito.

Kung naniniwala ka na ikaw ay napapailalim sa diskriminasyon, panliligalig, pananakot, o pang-aapi, dapat mong kontakin agad ang punong-guro ng paaralan ng paaralan at / o Direktor ng Opisina ng Equity (CCR Title 5 at Titulo IX Officer), Keasara (Kiki) Williams, sa 415-355-7334 o williamsk3@sfusd.edu. Ang isang kopya ng pare-parehong patakaran ng reklamo ng SFUSD at patakaran sa di-diskriminasyon ng SFUSD ay magagamit online sa www.sfusd.edu.



Pagkuha ng Tulong para sa Inyong Aplikasyon



### Mga Workshop o Palihan para sa Pagpapa-enroll

**Matatagpuan ang lahat ng workshop sa 555 Franklin St., San Francisco, CA 94102.**

- **Martes, Nobyembre 13, 2018, 5:00-6:30 p.m.**
  (at pagtanggap ng mga application hanggang 7:30 p.m.)
- **Sabado, Nobyembre 17, 2018, 9:00-10:30 a.m.**
  (at pagtanggap ng mga application hanggang 12:00 p.m.)
- **Sabado, Disyembre 1, 2018, 9:00-10:30 a.m.**
  (at pagtanggap ng mga application hanggang 12:00 p.m.)
- **Biyernes, Disyembre 7, 2018, 5:00-6:30 p.m.**
  (at pagtanggap ng mga application hanggang 7:30 p.m.)

**Tatanggapin din ng staff ang mga nakumpletong aplikasyon sa mga workshop na ito.**

## Mga Kinakailangan sa Paninirahan (Residency Requirements)

Ang tirahan ng estudyante ang legal na tirahan ng (mga) magulang/tagapatnubay na may pisikal na kustodiya ng bata. U-pang makapag-enroll sa SFUSD, kailangang patuloy na nakatira sa San Francisco ang estudyante kapag nag-aplay siya para sa paaralan, at habang pumapasok siya sa paaralan ng SFUSD.

Hindi puwedeng pansamantalang tumira ang estudyante sa San Francisco para lamang pumasok sa paaralan ng SFUSD. Bukod rito, hindi rin ituturing na residente ang magulang/tagapatnubay na may ari-arian sa San Francisco, pero hindi nakatira sa lung-sod. (Hindi ipinatutupad ang polisiya sa paninirahan sa mga estudyanteng homeless o walang tahanan.)

Para mapatunayan ang paninirahan sa San Francisco, ang mga magulang/tagapatnubay ay kailangang:

- Manatili sa tahanan, kung hindi nasa ibang lugar para sa trabaho o iba pang pansamantalang dahilan;
- Panatilihin ang kanilang paninirahan, o lumipat sa iba pang tirahan sa San Francisco; at
- Pisikal na patirahin ang kanilang anak sa San Francisco nang hindi bababa sa 50 porsiyento ng panahon sa akademikong taon, kung hiwalay ang tirahan ng mga magulang/tagapatnubay.

#### Mga Espesyal na Sitwasyon sa Paninirahan

Mayroong mga espesyal na sirkumstansiya kung saan puwedeng magdeklara ng paninirahan ang estudyante sa San Francisco nang walang magulang/tagapatnubay. Kasama rito ang: mga estudyanteng emancipated (menor de edad na legal nang wala sa kontrol ng magulang o tagapatnubay), nakatira sa pangangalagang foster (nasa pangangalaga ng gobyerno) o sa caregiver o tagapag-alaga, tumatanggap ng pansamantalang medikal na pangangalaga sa San Francisco, o mayroong permisong distrito sa distrito o interdistrict permit. Posibleng tanggihan ng hinihiling na paaralan ang mga estudyanteng nakatira sa nakatatandang tagapag-alaga, para sa espisipikong dahilan na makapasok sa isang partikular na paaralan.

#### Mga Estudyanteng Lumilipat sa Loob/Labas ng San Francisco

Kailangang magsumite ang mga estudyanteng lilipat nang kasama ang kanilang legal na magulang/tagapatnubay mula sa address sa San Francisco tungo sa bagong address sa San Francisco ng form na Pagpapalit ng Address (Change of Address) sa Educational Placement Center sa loob ng 14 araw ng paglipat. Posibleng magresulta ng pagpapawalang-bisa ng pagkaka-enroll ang kabiguang magsumite ng Form na Pagpapalit ng Address bago ang deadline o huling araw ng pagsusumite.

Ang mga estudyanteng lilipat palabas ng San Francisco, pero gustong patuloy na pumasok sa paaralan ng SFUSD, ay puwedeng mag-aplay para sa interdistrict permit mula sa distritong pampaaralan sa bagong tinitirhan, at nang makapasok sa paaralan na SFUSD na undersubscribed (mas maraming puwesto kaysa mga nag-aaplay) at mayroon pang makukuhang puwesto. Binibig-yang depinisyon ang paaralang undersubscribed bilang paaralan na hindi pa puno at walang hindi pa naaaksiyonang kahilingan bilang napiling paaralan sa pagsisimula ng kasalukuyang akademikong taon. Kapag pinawalang-bisa ang pagpapa-enroll, hindi na magiging kuwalipikado ang estudyante na mag-aplay para sa interdistrict permit sa loob ng isang taon. Pakitingnan ang pahina 18 para sa mga detalye tungkol sa interdistrict permit.

#### Panlilinlang ukol sa Paninirahan

Nirereserba ng SFUSD ang karapatan na humiling ng karagdagang dokumento at/o magsagawa ng imbestigasyon kung makatwirang naniniwala ang Superintendente (o ang itinalaga nito), o may makatwiran siyang suspetsa, na nagbigay ng mali o hindi mapagkakatiwalaang ebidensiya ng paninirahan ang magulang/tagapatnubay. Posibleng alamin ng SFUSD kung totoo ang paninirahan sa anumang panahon, o magtakda ng pagpapatunay ng patuloy na paninirahan sa ilang pagi-pagitan ng pana-hon (buwanan, tuwing ikatlong buwan, taunan), ayon sa inaakalang naaangkop. Ang Direktor ng Educational Placement Center (EPC) ang nakatalagang may responsibilidad para sa pamamahala sa mga imbestigasyon sa panlilinlang ukol sa paninirahan.

## Mga Kinakailangan Kaugnay ng Edad

Itinatakda ng batas ng California na kailangang limang taong gulang na ang bata sa Setyembre 1, o bago ang petsang ito ng akademikong taon, upang legal na maging kuwalipikado para sa Kindergarten, at anim na taong gulang sa Setyembre 1, o bago ang petsang ito, ng akademikong taon, upang legal na maging kuwalipikado para sa unang grado.

Kuwalipikado ang mga estudyanteng magdaraos ng ika-limang kaarawan sa pagitan ng Setyembre 2 at Disyembre 2, 2019 sa programang Transisyonal na Kindergarten para sa akademikong taon 2019-2020. Alamin pa ang tungkol sa Transisyonal na Kindergarten sa pahina 48.





## Mga Pangkalusugan na Kinakailangang Gawin ng Mag-aaral

#### Mga Pagpapabakuna

Ayon sa Batas para sa Pagpapabakuna sa mga Paaralan (School Immunization Law) ng California, kailangang makakuha ng itinatakdang pagpapabakuna (bakuna o iniksiyon) ang mga bata bago sila pumasok ng paaralan.

#### Patunay na Walang TB (TB Clearance)

Kailangan ding magbigay ang bagong estudyante ng ebidensiya na wala siyang Tuberkulosis (TB), tulad ng negatibong resul-ta ng eksamen, o pagpapatunay na walang panganib na magkaroon ng TB ang bata, na may petsa na nasa loob ng isang taon mula sa panahon ng pagpapa-enroll, bago pa siya magsimula sa paaralan.

#### Pisikal na Eksamen

Kailangan ding magkaroon ng pisikal na eksaminasyon ang mga estudyanteng nag-eenroll sa kindergarten sa loob ng 6 bu-wan mula sa unang araw ng kindergarten. Kailangang magkaroon ng pisikal na eksaminasyon ang mga nasa unang grado sa loob ng 18 buwan bago ang unang araw ng ika-1 grado. Nasa Manwal para sa Kalusugan sa Paaralan (School Health Manu-al, seksiyon E) ng SFUSD ang Form para sa Kalusugan sa Paaralan (School Health Form) na para sa pisikal na eksaminasyon, at ang Patunay na Walang TB, at makukuha ang manwal sa www.healthiersf.org/resources/SHM.php. Makukuha rin ang impormasyon tungkol sa mga kinakailangang pagpapabakuna sa Manwal para sa Kalusugan sa Paaralan ng SFUSD (seksiyon E) o sa www.shotsforschool.org

#### Mga Mag-aaral na may Medikal na Kondisyon

Kailangang isaad ng mga mag-aaral na may medikal na kondisyong posibleng makaapekto sa kanilang edukasyon ang tung-kol dito sa kanilang aplikasyon para sa pagpapa-enroll, sa seksiyon na "Mga Espesyal na Pangangailangan (Special Needs)," kasama ng maiksing deskripsiyon ng kailangan ng bata upang makaganap ayon sa kinakailangan, o upang makapasok sa paaralan. Bukod rito, kailangang ibigay ang mga dokumento sa kalusugan sa paaralan at/o ilakip ito sa aplikasyon. Huwag isama ang impormasyon tungkol sa medikal na kondisyon ng mga kamag-anak o hindi medikal na isyu tulad ng transporta-syon. Kailangang repasuhin ang anumang pangangailangan para sa mga serbisyong pangkalusugan o medikal, ng Nars ng Pampaaralang Distrito (School District Nurse) bago ipagkaloob ang mga serbisyo, upang matukoy at wastong masanay ang mga kawani na magkakaloob ng mga serbisyong ito.

#### Mga Dokumentong Pangkalusugan para sa Paaralan

Kung kinakailangan, dapat kompletuhin ng tagabigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan (healthcare provider) ng estudyante ang Plano para sa Pang-emergency na Pangangalaga (Emergency Care Plan) para matanggap ng estudyante ang tamang pangangalaga habang nasa paaralan.

Kung kailangan ng estudyante ang gamot o medikasyon habang nasa paaralan, kailangang kompletuhin ng tagabigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan ang Form para sa Gamot o Medikasyon (Medication Form) para sa bawat medi-kasyon na kinakailangan.

Kung kailangan ng estudyante ang mga espesyalisadong pamamaraan para sa pangangalaga ng kalusugan habang nasa paaralan, kailangang bigyan ng mga medikal na utos (medical order) ang paaralan bago maibigay ang mga serbisyo.

Makukuha sa Manwal para sa Kalusugan sa Paaralan ng SFUSD (mga seksiyon B at C) ang Plano para sa Pang-emergency na Pangangalaga at Form para sa Gamot o Medikasyon na ginagamit sa mga karaniwang kondisyon, o sa www.healthiersf.org/resources/SHM.php.



### Polisiya para sa Kagalingan ng Katawan at Isip

Layunin ng SFUSD Wellness Policy na tiyakin na ligtas, malusog at handang matuto ang mga estudyante. Hinihikayat ang mga paaralan na lumikha ng kapaligiran kung saan ang pinipi-ling mabuti para sa kalusugan ang pinakamadali at pinakagustong pinipili ng mga estudyante, kawani, pamilya at komunidad. Para sa iba pang impormasyon tungkol sa Wellness Policy, bisita-hin ang sfusd.edu/BeWell.

# Mga Paglipat na Distrito sa Distrito (Interdistrict Transfers)

**Nakatira sa San Francisco, Nag-aaplay sa Ibang Distrito**

Kailangang magsumite ang magulang/tagapatnubay ng permisong distrito sa distrito (interdistrict permit) sa Sentro para sa Pagbibigay ng Puwesto sa mga Institusyong Pang-edukasyon (Educational Placement Center, EPC) kung nakatira siya sa San Francisco, at gustong pumasok ng kanyang anak sa pampublikong paaralan na nasa labas ng San Francisco. Kailangan ng pagpapatunay ng address ng tahanan sa San Francisco. Kailangan ding magsumite ang mga estudyanteng tumatanggap ng mga Serbisyo para sa Espesyal na Edukasyon (Special Education Services) ng kopya ng kanilang Plano para sa Pang-Indibidwal na Edukasyon (Individualized Educational Plan, IEP).

Pinag-aaralan linggo-linggo ang mga aplikasyong interdistrict at ipinadadala sa distritong hinihiling. Ginagawa ang pinal na pag-apruba ng hinihiling na distrito. Hindi ginagarantiyahan ang -mga estudyanteng humihiling ng paglipat na interdistrict ng pagpapa-enroll sa SFUSD. Kailangang mag-aplay para sa inter-district permit taon-taon.

**Mga Posibleng Dahilan para Maaprubahan ang Permiso para sa Paglipat sa Pagitan ng mga Distrito**

- Upang matugunan ang mga pangangailangan para sa pangangalaga sa bata ng estudyante
- Dahil nagtatrabaho ang magulang/tagapatnubay sa San Francisco
- Dahil may kapatid ang estudyante na pumapasok sa paaralan na nasa hinihiling na distrito
- Upang mapayagan ang estudyanteng makompleto ang akademikong taon sakaling lumipat na ang mga magulang/tagapatnubay sa labas ng mga hangganan ng SFUSD sa gitna ng akademikong taon
- Kung may makatwirang interes sa partikular na programang pang-edukasyon na hindi inihahandog sa distritong pampaaralan kung saan nakatira ang estudyante

May prayoridad ang mga estudyanteng naging biktima ng pambu-bully o pang-aapi sa distritong pampaaralan kung saan sila nakatira para sa mga paglipat na interdistrict, sa ilalim ng anumang nariyan nang kasunduan para sa paglipat na interdistrict na mayroon ang estudyante, o bibigyan siya ng karagdagang konsiderasyon para sa kasunduan ng paglipat na interdistrict.

**Nakatira sa Labas ng San Francisco, Nag-aaplay sa SFUSD**

Ang mga estudyanteng hindi nakatira sa San Francisco pero gustong mag-aplay para sa paaralang SFUSD, ay kailangang mag-enroll sa distritong pampaaralan kung saan sila nakatira bilang pag-iingat sakaling hindi maitalaga sa paaralan ng SFUSD. Nagbibigay ang SFUSD ng mga paglipat na interdistrict kung may makukuhang puwesto.

Ang mga estudyanteng nakatira sa labas ng San Francisco na nag-aaplay para sa permit sa paglipat na interdistrict ay hindi mai-tatalaga sa paaralan ng SFUSD sa pamamagitan ng regular na proseso ng pagbibigay ng puwesto sa mga mag-aaral. Sa halip, sisimulan ng EPC ang pag-aaral sa mga kahilingan liang linggo bago magsimula ang pagpasok sa paaralan. Una munang ibinibigay ang alok ng puwesto sa paaralan (school assignment offer) sa mga estudyanteng nakatira sa San Francisco.

**Pag-aaplay para sa mga Permiso sa Paglipat ng Distrito (Interdistrict Transfer Permits)**

Kailangang mag-aplay ang mga estudyanteng nakatira sa labas ng San Francisco at gustong pumasok sa paaralan ng SFUSD para sa permiso sa paglipat ng distrito (interdistrict transfer permit) mula sa pampaaralang distrito kung saan sila nakatira. Kapag inaprubahan ng distrito kung saan nakatira ang estudyante (district of residence) ang permit, ipadadala ito sa Sentro para sa Pagbibigay ng Puwesto sa mga Institusyong Pang-edukasyon (SFUSD Educational Placement Center, EPC) para maaprubahan. Kailangang magsumite ang mga estudyante ng aplikasyon para sa pagpapa-enroll (enrollment application) sa SFUSD kasama ang kanilang address na nasa labas ng distrito at ng mga kinakailangang dokumento para sa pagpapa-enroll sa SFUSD.

Kailangang ipaapruba ng mga estudyanteng nangangailangan ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon, at gustong pumasok sa paaralan ng SFUSD, ang kanilang aplikasyon para sa interdistrict transfer sa Direktor ng Lokal na Erya para sa Pagpaplano ng Espesyal na Edukasyon (Special Education Local Plan Area, SELPA) o sa Katulong na Superintendente (Assistant Superintendent) para sa Mga Serbisyo sa Espesyal na Edukasyon (Special Education Services) bago mabigyan ng puwesto ang estudyante sa paaralan.

Kailangang i-renew (magkaroon muli ng bisa) taon-taon ang mga interdistrict permit para sa mga estudyante. Kailangan ding mapa-natili ng mga estudyante ang katanggap-tanggap na pamantayan ng akademikong pag-unlad, pag-asal, at pagpasok sa klase para sa mga paglipat na interdistrict. Ginagawa ang mga pagtatalaga ng puwesto o assignment sa paaralan ayon sa pagkakasunod-sunod ng pagtanggap ng mga aplikasyon.

**Pag-apruba sa mga Permit sa Paglipat na Interdistrict**

Aaprubahan ang mga kahilingan para sa paglipat na interdistrict batay sa bawat kaso. Inirereserba ng SFUSD ang karapatan na limitahan ang bilang ng mga papasok na estudyante at magtakda ng mga prayoridad ayon sa mga uri ng kahilingan.

Hindi magbibigay ng mga paglipat na interdistrict sa mga paaralan kung saan napakaraming humihiling na makapasok, na mga paaralang puno na ang kapasidad sa pagtatapos ng unang panahon ng pagbibigay ng puwesto (placement period). Hindi pinagbibigyan ang mga kahilingan para sa Lowell High School at sa Ruth Asawa San Francisco School of the Arts (SOTA).

# Mga Kaugnay na Polisiy at Serbisyo

**Mga Estudyanteng Walang Dokumentasyon (Undocumented)**

Ginagarantiyahan ang sinumang bata na may magulang/tagapatnubay na nakatira sa San Francisco ng access o pamamaraang magkaroon ng libreng pampublikong edukasyon sa SFUSD. Hindi itatanggi sa mga estudyante ang pagkakaroon ng access sa paaralan nang dahil sa kanilang katayuan bilang migrante.

**Mga Estudyanteng Foreign Exchange (Mga Dayuhang Estudyante na nasa Programa ng Pagpapalitan)**

Hindi lumalahok ang SFUSD, o nagbibigay, ng pederal na 1-20 form na Sistema ng Impormasyon para sa Bisitang Estudyante Batay sa Programa ng Palitan (Student Exchange Visitor Information System, SEVIS) para sa posibleng mga estudyanteng F1 (mga internasyonal na estudyanteng pumapasok sa akademikong programa o Programa para sa Wikang Ingles o English Language Program sa paaralan sa Estados Unidos).

Kailangang kontakin ng mga aprubadong organisasyon para sa J1 na palitan ng mga estudyante ang Educational Placement Center (EPC) ng SFUSD kapag humihiling ng pagbibigay ng puwesto sa estudyanteng foreign exchange.

Ibinibigay ang visa na J1 sa mga estudyanteng pumapasok sa mga oportunidad para sa pangkultura at pang-edukasyong palitan sa Estados Unidos sa pamamagitan ng mga programang pinamamahalaan ng Departamento ng Estado (State Department) ng U.S. Itatalaga ang mga estudyanteng J1 sa paaralang SFUSD kung may makukuhang espasyo.

**Pagsasalin ng Transcript (dokumento ng mga asignatura at grado) mula sa Ibang Bansa**

Kailangang dalhin ng estudyanteng nasa high school at migrante, at gustong magpa-enroll sa SFUSD, ang transcript ng paaralan mula sa kanyang pinagmulang bansa at mga kinakailangang dokumento para sa pagpapa-enroll sa SFUSD.

Ang EPC ang magkakaloob ng pagsasalin sa mga transcript kung kinakailangan. Gagawa rin ng mga rekomendasyon ang tagapayo sa pagbibigay ng puwesto (placement counselor) ng EPC sa naaangkop na antas ng grado.




**Pag-aaral sa Labas ng Gusali (Education Outside)**

**Pagpapraktis ng Siyensiya at Pagkonekta sa Kalikasan**

Mahigit sa kalahati ng lahat ng estudyante sa elementarya ng SFUSD ang lumalahok sa Education Outside sa araw ng pagpasok. Sa programa, ginagawang mga buhay na klasrum sa labas ng gusali ang mga hardin ng paaralan, at naghahatid ito sa mga estudyante ng hands-on (estudyante mismo ang gumagawa) at eksperimental na edukasyon sa siyensiya at kapaligiran.

*Kinunan ang litrato sa Malcolm X Academy Elementary School*

Tinitiyak ng SFUSD ang mga karapatan at proteksiyong pang-edukasyon para sa mga estudyanteng nakararanas ng kawalan ng tahanan o homelessness, o mga estudyanteng nasa transisyon na walang permanente, regular, at sapat na tirahan sa gabi, nang naaayon sa pederal na Batas na McKinney-Vento at sa Batas na Nagtatagumpay ang Bawat Mag-aaral (Every Student Succeeds Act, ESSA). Magkakaroon ang mga estudyante ng SFUSD, mula sa pre-kindergarten hanggang ika-12 grado, ng pantay na pagkakaroon ng pampublikong edukasyon at mga rekur-song pang-edukasyon na itinuturing na naaangkop para sa kanilang pang-indibidwal na pangangailangan.

Puwedeng mag-aplay ang mga estudyanteng homeless o walang tirahan at nasa transisyon, para sa pagpapa-en-roll sa anumang paaralan ng SFUSD, sa Sentro para sa Pagbibigay ng Puwesto sa mga Institusyong Pang-edu-kasyon (Educational Placement Center. EPC), 555 Franklin Street, room 100. Ibabatay ang pagtatalaga ng paaralan sa makukuhang espasyo para sa grado, o sa pangangailangan ng estudyante na makapasok sa espesipikong programa nang may suporta ng tagapayo para sa pagbibigay ng puwesto (placement counselor) ng EPC, at nang naaayon sa Batas na Mc-Kinney Vento.

**Ano ang mga Kuwalipikasyon upang ituring na mga Mag-aaral na nasa Transisyon?**

Ayon sa Batas na McKinney-Vento, at batay sa polisiya ng SFUSD, ang mga estudyanteng nasa transisyon ay mga bata at kabataan na "walang permanente, regular, at sapat na tirahan sa gabi."

Kasama rito ang mga sumusunod na sitwasyon:

- Mga bata at kabataan na nakikitira sa bahay ng ibang tao dahil sa pagkawala ng bahay, kahirapan, o katu-lad na dahilan
- Mga bata at kabataang posibleng nakatira sa mga motel, otel, trailer park, shelter, o naghihintay na mabigyan ng puwesto sa foster care (pangangalaga ng gobyerno)
- Mga bata at kabataang mayroong pangunahing tirahan sa gabi na pampubliko o pribadong lugar na hindi dinisenyo o karaniwang ginagamit para sa regular na akomodasyon sa pagtulog ng mga tao
- Mga bata o kabataang nakatira sa mga kotse, parke, pampublikong espasyo, inabandonang gusali, paba-hay na hindi umabot sa pamantayan, estasyon ng bus o tren, o katulad na lugar
- Mga migranteng bata na kuwalipikado bilang home-less dahil mga bata silang nakatira sa sitwasyon na katulad ng mga nakalista sa itaas

May mga tanong ba kayo? Kontakin ang Students and Families Experiencing Homelessness, 20 Cook St., o tawagan ang District Liaison na si Teri Gee sa 415-750-4500 x 1408.

**Mga Dokumento para sa mga Mag-aaral na nasa Transisyon**

Puwedeng simulan ng mga paaralan, ahensiya, at shelter ang proseso ng pagpapa-enroll sa mga estudyanteng nasa transisyon sa pamamagitan ng pagkontak sa EPC. Kaila-ngang agad na i-enroll ng napiling paaralan ang estudyante, mayroon mang kinakailangang dokumento para sa pag-eenroll (dating mga akademikong rekord, medikal na rekord, patunay ng paninirahan) ang estudyante o wala, nang naaayon sa Batas na Mc-Kinney Vento at ESSA. Para makakuha ng mga akademikong rekord ng estudyante, kailangang kontakin agad ng nag-eenroll na paaralan ang huling paaralan na pinasukan ng estudyante.

Kailangang pangalagaan ng nag-eenroll na paaralan ang mga dokumento ng estudyante, kasama na ang mga rekord na pagpapabakuna o medikal na rekord, akademikong rekord, sertipiko ng kapanganakan, rekord ng tagapatnubay (guard-ianship records), at ebalwasyon para sa mga espesyal na serbisyo o programa, para sa mga estudyanteng homeless at nasa transisyon. Kailangang pangalagaan ang mga rekord at maging handa sa pagkuha ang mga ito sa loob ng 14 araw ng pagkaka-enroll ng estudyante sa bagong paaralan o sa SFUSD. Kailangan ding pangalagaan ang mga rekord ayon sa Batas para sa Mga Probisyon ng Pangkalahatang Edukasyon (General Education Provisions Act).

Puwedeng makatanggap ang mga estudyanteng nasa transisyon ng mga dagdag na serbisyo para sa paaralan (mga bu-wanang pases para sa Muni, uniporme, pagtu-tutor, at kagamitan para sa paaralan o school supplies) sa pamamagitan ng pagkontak sa Tagapag-ugnay ng Distrito (District Liaison), na si Teri Gee. Puwede ring kontakin ng mga estudyanteng hindi pa nakapagpapabakuna o walang medikal na rekord ang Tagapag-ugnay ng Distrito para sa suporta.








**Mga Hindi Pagkakasundo ukol sa mga Mag-aaral na nasa Transisyon**

Kapag nagkaroon ng hindi pagkakasundo ukol sa pagpili ng paaralan o pagpapa-enroll sa estudyanteng nasa transisyon, kailangang agad na i-enroll ang estudyante sa paaralan kung saan gustong magpa-enroll ng estudyante, habang hini-hintay na malutas ang hindi pagkakasundo. Kailangang kontakin ng mga magulang ang Tagapag-ugnay ng Distrito, na si Teri Gee, upang malutas ang mga hindi pagkakasundo sa lalong madaling panahon. Para sa mga estudyanteng walang kasamang magulang/tagapatnubay, kailangang tiyakin ng tagapag-ugnay na maisasagawa ang proseso ng paglutas sa mga hindi pagkakaunawaan (dispute resolution process).

Kailangang magbigay ng nakasulat na paliwanag ng desisyon ukol sa pagpili ng paaralan o pagpapa-enroll, sa magulang/tagapatnubay, o sa kabataang wala sa pisikal na kustodiya ng magulang o tagapatnubay (unaccompanied youth). Kapag hindi pa rin nalulutas ang hindi pagkakasundo o inapela ito, ipadadala ng Administrador ng Programa (Program Administrator) ang lahat ng nakasulat na materyales sa ng programang Mga Estudyante at Pamilyang Nakararanas ng Kawalan ng Tahanan (Students and Families Experiencing Homelessness) para marepaso ito. Gagawa ng desisyon sa loob ng limang araw na may trabaho. Kapag hindi nalutas ang hindi pagkakasundo, ipadadala ang mga dokumento sa Taga-pag-ugnay ng Estado para sa mga Walang Tahanan (State Homeless Coordinator) sa 866-856-8214.

# Mag-aaral ng Ingles: Kung Paano Mag-aplay

May pananagutan ang distrito sa pagtiyak na makakukuha ang mga English Learner (Mag-aaral ng Ingles) ng mataas na antas ng Ingles at kahusayan sa wika ng tahanan (kung mayroon), akademikong tagumpay, at mga kakayahan na siyang maghahatid sa kanila sa tagumpay sa ika-21 siglo. Nagkakaloob ang seksiyon na ito ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa proseso ng pagpapa-enroll para sa mga Mag-aaral ng Ingles. Para sa kompletong deskripsiyon, tingnan ang Gabay para sa Programang Mag-aaral ng Ingles (English Learner Program Guide) na makukuha sa Educational Placement Center o sa www.sfusdmultilingualpathways.org.

**Sino ang Mag-aaral ng Ingles (English Learner)? Nabigyan ng klasipikasyon ang inyong anak bilang English Learner (Mag-aaral ng Ingles, EL) .**

Kung noong sinagutan ninyo ang “Home Language Survey (Sarbey ukol sa Wika ng Tahanan)” sa Aplkasyon para sa Pagpapa-enroll, sa SFUSD, sinagot ninyo ang kahit isa sa mga sumusunod na tanong ng ibang wika bukod sa Ingles:

- Anong wika ang unang natutunan ng inyong anak nang magsimula siyang magsalita?
- Anong wika ang pinakaginagamit ninyo upang kausapin sa inyong anak?
- Anong wika ang pinakaginagamit ng inyong anak sa bahay?

At sa mga gradong Transisyonal na Kindergarten (TK), at mas mataas pa rito, ,hindi nakatanggap ang inyong anak ng pangkalahatang marka o score na “Initial Fluent English Proficient (Mahusay na sa Ingles sa Umpisa pa Lamang)” sa Initial English Language Proficiency Assessment for California (Pinaka-unang Pagtatasa para sa Kahusayan sa Wikang Ingles, ELPAC).

O hindi pa nabibigyan ang inyong anak ng bagong klasipikasyon bilang estudyanteng English proficient (may kahusayan na sa Ingles) ng SFUSD.

**Kung ang aking anak ay isang English Learner, paano ko sila ipapalista sa paaralan?**

Kung nagsasalita ang mga estudyante ng wika bukod pa sa Ingles at naglista ng Landas sa Pag-aaral Gamit ang Da-lawang Wika (Dual Language Pathway) o Landas para sa Kahusayan sa Pagbasa at Pagsulat sa Dalawang Wika (Biliteracy Pathway) bilang isa sa kanilang mga napili, posibleng bigyan sila ng eksamen para alamin ang kanilang kasalukuyang kakayahan sa wika. (May makukuhang iba pang impormasyon tungkol sa mga programang ito sa table o talahanayan na mga Landas na Mahigit sa Isa ang Wika (Language Pathways).

**Saan kukuha ang mga estudyante ng eksamen para sa pagtatasa?**

Isinasagawa ang lahat ng eksamen sa SFUSD Educational Placement Center (EPC) na nasa 555 Franklin St. (room 100), o sa nakatalagang paaralan. Iniiskedyul at isinasagawa ang eksamen bago tumanggap ang estud-yante ng puwesto sa paaralan.

## Suporta sa wika sa EPC

Para alamin pa ang tungkol sa mga pagtatasa sa wika, pakitawagan ang EPC sa 415-241-6085. Puwede kayong idirekta ng numero ng telepono na ito sa kawani ng SFUSD para sa mga sumusunod na wika: Cantonese, Ingles, Filipino, Mandarin, Espanyol, at Vietnamese.

- Lynn Kwong – 415-241-6085 ext. 1138 (Ingles/Cantonese/Mandarin)
- Tomás Beccar Varela – 415-241-6085 ext. 1134 (Ingles/Espanyol)
- Hans Gong – 415-241-6085 ext. 1129 (Ingles/Vietnamese)
- Catalina Pajar - 415- 241-6310 (Ingles/Filipino)



# Mag-aaral ng Ingles: Kung Paano Mag-aplay

Matatagpuan ang iba pang detalye tungkol sa mga makukuhang programa para sa mga Mag-aaral ng Ingles (English Learners) at mga pangangailangan para sa klasipikasyon sa Gabay para sa Programang Mag-aaral ng Ingles (English Learner Program Guide, na makukuha sa Educational Placement Center o online sa sfusd-multilingualpathways.org.

**Ano ang mangyayari matapos ang eksamen para sa pagtatasa?**

Kapag nakompleto at nabigyan na ng marka ang eksamen, tatalakayin ng magulang o tagapatnubay ng es-tud-yante ang resulta ng eksamen sa tagapayo (counselor) ng EPC, kasama na ang mga opsiyon para sa multilin-gual pathway at mga serbisyong nagbibigay ng suporta. Magkakaroon ng oportunidad ang magulang o tagapat-nubay na palitan ang hinihiling na paaralan o programa kung gusto nila, o kung hindi kuwalipikado ang kanilang anak para sa napiling language pathway.

**Ano ang mga pathway ng wika na magagamit para sa mga English Learners?**

- Dual Language Pathways (Mga Landas sa Pag-aaral Gamit ang Dalawang Wika)
- Biliteracy Pathways (Mga Landas sa Kahusayan sa Pagbasa at Pagsulat sa Dalawang Wika)
- Secondary Dual Language Pathway (Mga Pansekondaryong Landas sa Pag-aaral Gamit ang Dalawang Wika)
- Newcomer Pathways (Mga Landas para sa Bagong Dating na Migrante)
- World Language Pathways (Mga Landas ng Pag-aaral sa mga Wika ng Mundo)
- English Plus Pathway (Mga Landas sa Pag-aaral ng Ingles at Higit pa)

**Saan ako makakahanap ng higit pang impormasyon tungkol sa mga landas na ito?**

Pakitingnan ang pahina 24-25 ng Gabay sa Enrollment na ito.

**Pagbibigay ng Bagong Klasipikasyon sa Mga Mag-aaral ng Ingles (English Learners)**

Puwedeng mabigyan ng bagong klasipikasyon ang mga Mag-aaral ng Ingles (English Learners) bilang mag-aaral na May Mahusay na Kakayahan sa Ingles (Fluent English Proficient, RFEP) matapos matugunan ang mga paman-tayang lingguwistiko at akademiko na itinakda ng estado at distrito. Regular na namamahagi ang Departamento para sa mga Landas na Mahigit sa Isa ang Wika (Multilingual Pathways Department) sa mga paaralan ng listahan ng estudyanteng posibleng maging kuwalipikado para sa pagbibigay ng bagong klasipikasyon. Responsibilidad ng paaralan na simulan ang proseso ng pagbibigay ng bagong klasipikasyon para sa bawat estudyante.

Kapag binigyan ng bagong klasipikasyon ang estudyante, kailangang subaybayan ang akademikong pag-unlad ng estudyante sa loob ng dalawang taon. Para sa mga detalye ukol sa mga kinakailangan para sa pagbibigay ng bagong klasipikasyon, bumisita sa www.sfusdmultilingualpathways.org/reclassification. May makukuha ring impormasyon sa Gabay para sa Programang Mag-aaral ng Ingles (English Learner Program Guide), na makukuha online at sa Enrollment Placement Center.

**Espesyal na Edukasyon para sa mga Mag-aaral ng Ingles (English Learners)**

May makukuhang impormasyon tungkol sa mga Serbisyo para sa Espesyal na Edukasyon Information (Special Ed-ucation Services) na nakatuon sa mga Mag-aaral ng Ingles (English Learners) na may Programa para sa Pang-in-dibidwal na Edukasyon (Individual Education Programs) sa www.sfusd.edu/sped, at sa Programang Mag-aaral ng Ingles (English Learner Program Guide), na makukuha online sa www.sfusdmultilingualpathways.org at sa Enrollment Placement Center, 555 Franklin St. (room 100) na nasa San Francisco.

# Mga Landas sa Wika (Language Pathways)

Nagkakaloob ang Language Pathways sa lahat ng estudyante, kasama na ang mga Mag-aaral ng Ingles (English Leaners), ng edukasyong may kabuluhang pangkultura at panwika, at nang masulit ang access o pamamaraang magkaroon ng de-kalidad na edukasyon. Nasa ibaba ang mga language pathway (landas sa wika) para sa mga grado PreK hanggang 12 na inihahandog ng SFUSD.

| Landas sa Wika (Language Pathway) | Mga Pinagsisilbihang Mag-aaral | Instruksiyon | Mga Paaralang may mga Landas sa Wika (Language Pathway) | |
|---|---|---|---|---|
| Dual Language Learner Prekindergarten | | 70% ng panahon na nasa Cantonese at 80% ng panahon na nasa Espanyol. | CANTONESE | • Las Americas EES<br>• Noriega EES<br>• Stockton, Commodore EES<br>• Taylor, E.R. EES |
| | | | ESPANYOL | • Bryant ES<br>• Chávez, César ES<br>• Harte, Bret ES<br>• Huerta, Dolores ES (formerly Fairmount ES)<br>• Las Americas EES<br>• Mission Education Center<br>• Revere, Paul |
| K-5 na Landas sa Pag-aaral sa Pamamagitan ng Paglubog sa Dalawang Wika (Dual Language Immersion Pathway, DLI) | • Mga Mag-aaral ng Ingles (English Learners)<br>• Mga Mag-aaral na nagsasalita ng dalawang wika (bilingual)<br>• Mga Mag-aaral na may Kahusayan sa Ingles (English-proficient students) | Nagsisimula sa 80% instruksiyon sa wika ng landas sa kindergarten at bumbaba nang hanggang 50% pagdating sa ika-5 grado | CANTONESE | • Chinese Immersion School at De Avila<br>• Garfield ES<br>• West Portal ES |
| | | | KOREANO | • Lilienthal, Claire ES |
| | | | MANDARIN | • Ortega, Jose ES<br>• Starr King ES |
| | | | ESPANYOL | • Alvarado ES<br>• Buena Vista Horace Mann<br>• Harte, Bret ES<br>• Webster, Daniel ES<br>• Flynn, Leonard ES<br>• Huerta, Dolores ES (formerly Fairmount ES)<br>• Marshall ES<br>• Monroe ES<br>• Revere, Paul |
| K-5 na Kakayahang Magbasa at Magsulat sa Dalawang Wika sa Elementarya (Elementary Biliteracy) | • Mga Mag-aaral ng Ingles (English Learners)<br>• Mga Mag-aaral na nagsasalita ng dalawang wika (bilingual) | Katulad ng DLI ang instruksiyon pero dinisenyo para sa mga potensiyal na Mag-aaral ng Ingles (English Learners) na mga katutubong nagsasa-lita ng wika ng pathway | CANTONESE | • Chin, John Yehall ES (K-2)<br>• E.R. Taylor ES<br>• Hillcrest ES<br>• Lau, Gordon ES<br>• Moscone ES<br>• Parker, Jean ES<br>• Monroe ES<br>• Spring Valley ES<br>• Sutro ES<br>• Ulloa ES<br>• Visitacion Valley ES |
| | | | ESPANYOL | • Bryant ES<br>• Chávez, César ES<br>• Cleveland ES<br>• Glen Park ES<br>• Guadalupe (K-3)<br>• Moscone ES<br>• Taylor, E.R. ES<br>• Hillcrest ES<br>• Longfellow ES<br>• Muir, John ES<br>• Sanchez ES<br>• Serra, Junipero ES<br>• Spring Valley ES |
| K-5 na Pag-aaral sa Dayuhang Wika sa Paaralang Elementarya (Foreign Language in Elementary School, FLES) | Lahat ng estud-yante | 30-60 minuto ng wika at pagpapayaman ng kaalaman sa kultura 3-5 araw sa isang linggo | ARABIC | • Redding ES (K-5) |
| | | | FILIPINO | • Carmichael, Bessie (K-5)<br>• Longfellow ES |
| | | | HAPONES[1] | • Clarendon ES[2]<br>• Parks, Rosa ES[3] |
| TK-12 na Landas sa Pag-aaral ng Ingles at Higit pa (English Plus Pathway) | Lahat ng estud-yante | Instruksiyon sa wika at nilalaman (content) na may 30 minuto ng itinalagang (Pag-unlad sa Wikang Ingles English Language Development, ELD) | Makukuha sa lahat ng paaralan, maliban na lamang sa mga lugar kung saan pangbuong paaralan ang mga landas sa pag-aaral gamit ang dalawang wika (dual language pathways). | |
| K-5 na Pang-elementaryang Pag-aaral para sa Bagong Dating na Migrante (Elementary Newcomer) | Mga Mag-aaral ng Ingles (English Learners) | Nasa katutubong wika ang instruksiyon at may isang oras na Itinalagang Pag-unlad sa Wikang Ingles | CANTONESE | • Lee, Edwin and Anita Newcomer School (formerly Chinese Education Center) |
| | | | ESPANYOL | • Mission Education Center (MEC) |



Mga Landas sa Wika (Language Pathways)

| Landas sa Wika (Language Pathway) | Mga Pinagsisilbihang Mag-aaral | Instruksiyon | Mga Paaralang may mga Landas sa Wika (Language Pathway) | |
|---|---|---|---|---|
| (K-8) Yu, Alice Fong Chinese Immersion Pilot Program o Pinaka-unang Programa sa Paglubog sa Wikang Tsino | • Mga Mag-aaral ng Ingles<br>• Mga Mag-aaral na may Kahusayan sa Ingles | Nagsisimula sa 80% instruksiyon sa wika ng landas sa kindergarten at bumbaba nang hanggang 50% pagdating sa ika-5 grado | CANTONESE | • Yu, Alice Fong (K-8) |
| 6-12 na Pang-sekondaryong Landas sa Pag-aaral Gamit ang Dalawang Wika (Secondary Dual Language, SDL) | • Mga Mag-aaral ng Ingles (English Learners)<br>• Mga Mag-aaral na nagsasalita ng dalawang wika (bilingual)<br>• Mga Mag-aaral na may Kahusayan sa Ingles (English-proficient students) | Nagsisimula ang pagsasanib ng DLI at Biliteracy (pagbasa at pagsulat sa dalawang wika) sa middle school o panggitnang paaralan at kumukuha ang mga estudyante ng isang akademikong kurso at isang elective o pinipiling kurso na wika ng mundo (world language) sa wika ng pathway. | CANTONESE | • Galileo HS (9-10)<br>• Hoover, Herbert MS (6-8)<br>• Marina MS (6-8)<br>• Roosevelt, Theodore MS (6-8)<br>• Yu, Alice Fong Immersion Pilot (6-8) |
| | | | KOREAN | • Lilienthal, Claire ES (K-8) |
| | | | MANDARIN | • Aptos MS (6-8)<br>• Lincoln HS (9) |
| | | | ESPANYOL | • Buena Vista Horace Mann (6-8)<br>• Everett MS (6-8)<br>• Herbert Hoover (6-8)<br>• Lick, James MS (6-8)<br>• Revere, Paul (6-8) |
| 6-8 Panggitnang Paaralan na Mga Wika ng Mundo (Middle School World Language) | Lahat ng estud-yante | 45-55 minutong kursong elective o pinipili sa wka at kultura, na iniaalok nang araw-araw sa isang linggo | HAPONES | • Presidio MS |
| | | | MANDARIN | • Aptos MS<br>• Roosevelt, Theodore MS |
| | | | ESPANYOL | • Everett MS<br>• Lick MS<br>• Marina MS<br>• Presidio MS<br>• Visitacion Valley MS |
| 6-8 Panggitnang Paaralan na Landas para sa Bagong Dating na Migrante (Middle School Newcomer) | Mga Mag-aaral ng Ingles (English Learners) | Instruksiyon sa wika at nilalaman (content) na may 45-90 minuto ng itinalagang Pag-unlad sa Wikang Ingles (ELD) | Lahat ng Wika | • Everett MS (6-8)<br>• Francisco MS (6-8)<br>• Marina MS (6-8)<br>• Visitacion Valley MS |
| 9-12 Pangmataas na Paaralan na Mga Wika ng Mundo (High School World Language) | Lahat ng estud-yante | Kailangang makakompleto ang mga estudyante ng 2 taon (o 20 credit) ng isang Wika ng Mundo (World Language), o makapagpakita ng kahusayan para makapagtapos ng high school. Nangangailangan ng 2 taon (rekomendado ang 3 taon) ng pag-aaral ng iisang Wika ng Mundo (World Language) para matanggap sa University of California o California State University. Kailangang kunin ng mga mag-aaral ang wika ayon sa pagkakasunod-sunod ng mga kurso nang hindi lumalaktaw ng taon sa pagitan ng mga kurso. | | Bisitahin ang seksiyon para sa high school upang makita kung aling wika ng mundo (world language) ang itinuturo sa bawat high school ng SFUSD. |
| 9-12 Pangmataas na Parralan na Landas para sa Bagong Dating na Migrante (High School Newcomer) | Mga Mag-aaral ng Ingles (English Learners) | Instruksiyon sa wika at nilalaman (content) na may 45-90 minuto ng itinalagang Pag-unlad sa Wikang Ingles (English Language Development, ELD) | Lahat ng Wika | • San Francisco International HS |
| | | | Lahat ng Wika | • Galileo HS<br>• Lincoln HS<br>• Marshall HS<br>• Mission HS<br>• Washington HS |

[1] Para sa bawat estudyanteng nasa Hapones na Programa sa Dalawang Wika at Dalawang Kultura (Japanese Bilingual Bicultural Program, JBBP), magtatalaga ang distrito ng naaangkop na balanse ng mga estud-yanteng may kakayahan na sa wikang Hapones (10 mula sa 44 puwesto) at mga estudyanteng hindi pa nagpapakita ng kahusayan sa wikang Hapones (34 mula sa 44 puwesto), at nang masuportahan ang pagtulad sa wika ng klaklase (peer language modeling). Para makapagpakita ng kakayahan, binibigyan ng eksamen sa kanilang wika ng pathway ang mga estudyanteng tutukoy sa Hapones sa sarbey sa wka sa tahanan.

[2] Sa Clarendon Elementary, nagkakalooob ang Hapones na Programa sa Dalawang Wika at Dalawang Kultura (Japanese Bilingual Bicultural Program) ng awtentikong instruksiyon sa wika at mga kultural na karanasan sa pamamagitan ng mga gurong bilingual na nagpapatupad ng mga leksiyong naaangkop sa edad at nakaayon sa mga pamantayan ng estado at ng batayang kurikulum.

[3] Sa Rosa Parks Elementary, nagkakaloob ang Hapones na Programa sa Dalawang Wika at Dalawang Kultura (Japanese Bilingual Bicultural Program) ng awtentikong pagtuturo sa wika at mga kultural na karanasan sa pamamagitan ng mga guro na natibong nagsasalita ng wikang Hapones (Sensei) na nakikipagtrabaho sa mga guro ng klasrum upang maipatupad ang mga leksiyong naaangkop sa edad at nakaayon sa mga pamantayan ng estado at ng batayang kurikulum.

# Espesyal na Edukasyon: Kung paano mag-aplay

Posibleng kuwalipikado para sa mga serbisyo sa espesyal na edukasyon at sa Plano para sa Pang-Indibidwal na Edukasyon (Individual Education Program, IEP) ang mga batang natukoy na may kapansanang naka-aapekto sa kanilang edukasyon. Maaaring kasama sa IEP ang espesyalisadong akademikong instruksiyon, mga kaugnay na serbisyo, paggamit ng mga karagdagang pantulong at serbiyos, akomodasyon at modipikasyon sa kurikulum, at iba pang serbisyo na nakabatay sa indibidwal.

**Paano mag-aaplay ang mga estudyanteng may pangangailangan para sa espesyal na edukasyon para makapasok sila sa paaralan?**

Posibleng itakda sa mga estudyanteng may IEP na magsumite ng aplikasyon para sa pagpapa-enroll kung bago sila sa SFUSD, pumapasok sa transisyonal na grado (TK, Kindergarten, ika-6 at ika-9), Mga Serbisyo para sa Access/Transisyon, lumilipat sa ibang paaralan, o kung may mga pagbabago sa kanilang mga pangangailangan para sa espesyal na edukasyon. Ginagamit ang parehong aplikasyon para sa pagpapa-enroll sa SFUSD na ginagamit ng lahat ng estudyante. Kailangang ilakip ng mga pamilya ang IEP (kung makukuha) ng estudyante sa aplikasyon at makipagkita sa tagapayo ukol sa pagbibigay ng puwesto (placement counselor) sa Espesyal na Edukasyon.

Nakapapasok ang karamihan sa estudyanteng may kapansanan sa paaralan na gusto nila. Bagamat nakukuha lang ang ilang lubos na espesyalisadong serbisyo para sa mga kapansanan sa mga espesipikong paaralan, may makukuhang ilang serbisyo para sa espesyal na edukasyon sa lahat ng paaralan. Kailangang kompletuhin ng mga pamilya ang aplikasyon para sa pagpapa-enroll at ilista ang anumang mas gustong paaralan bago sumapit ang mga natukoy na deadline o huling araw kaugnay ng pagpapa-enroll, at nang makuha ninyo ang gustong paaralan para sa inyong anak.

Bukod sa regular na panahon para sa pagpapa-enroll, nagtatalaga rin ang Sentro para sa Pagbibigay ng Puwesto sa mga Institusyong Pang-edukasyon (Educational Placement Center, EPC) ng mga estudyante sa paaralan na nakatutugon sa kanilang pang-edukasyong pangangailangan at may makukuhang puwesto. Ang mga estudyanteng may espesyal na pangangailangan, o kapansanan sa paggalaw, paningin o pandinig, at humihiling na mapunta sa parehong paaralan na pinapasukan ng mga kapatid, ay tatanggap ng tiebreaker na preperensiya para sa magkakapatid, hangga't nakakaloob din ang kanilang napiling paaralan ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon na itinatakda sa kanilang IEP.

Nakasaad sa seksiyong Mga Paaralan ng SFUSD (SFUSD Schools) ng gabay na ito kung ano-anong serbisyo sa espesyal na edukasyon ang inihahandog sa bawat paaralan. Posibleng magbago ang mga serbisyo sa espesyal na edukasyon sa mga paaralan. Para sa pinakabagong impormasyon, pakibisita ang www.sfusd.edu/sped bago kompletuhin ang inyong aplikasyon.

**Kailangan ba ng inyong anak ang mga serbisyo sa espesyal na edukasyon?**

Kung sa tingin ninyo, kailangan ng inyong anak ang mga serbisyo sa espesyal na edukasyon, pakitawagan ang Screening and Assessment (Pag-eeksamen at Pagtatasa) ng SFUsD sa 415-759-2222. May iba pang makukuhang impormasyon sa www.sfusd.edu/sped.

### Kailangan ba ninyo ng tulong?

May makakausap na tagapayo para sa pagbibigay ng puwesto sa Espesyal na Edukasyon sa EPC upang makatulong ito sa pagpapa-enroll. Inirerekomenda ang pagpapa-appointment o pagtatakda ng pagkikita, pero hindi kinakailangan. Tumawag sa 415-355-6995 para makipag-appointment.



# Mga Serbisyo sa Espesyal na Edukasyon

**Pangkalahatang Edukasyon na may mga Suporta (TK-12)**

Makakukuha ng mga serbisyong nakabatay sa Pangkalahatang Edukasyon sa bawat paaralan na TK-12. Naghahandog ang serbisyong ito ng mga kinakailangang akomodasyon, modipikasyon at karagdagang tulong at suporta na nakatalaga sa IEP ng estud-yante. Itinatalaga ang mga estudyante sa klasrum na pangkalahatang edukasyon para sa malaking bahagi ng araw ng klase.

**Mga Kaugnay na Serbisyo (TK-12)**

May makukuhang mga Kaugnay na Serbisyo sa bawat paaralan na TK-12. Nagbibigay ang mga Kaugnay na Serbisyo ng mga espesipiko at espesyalisadong suporta sa instruksiyon upang higit na magkaroon ng akses o pamamamaraang makakuha ng batayang kurikulum at makasama ang mga kaedad na nasa parehong grado. Itinatalaga ang mga estudyanteng Mga Kaugnay na Serbisyo lamang ang kailangan sa klasrum ng pangkalahatang edukasyon sa malaking bahagi ng araw. Gayon pa man, puwedeng ibigay ang Mga Kaugnay na Serbisyo sa hiwalay na lugar na pang-edukasyon batay sa IEP ng estudyante. Ang mga Kaugnay na Serbisyo ay:

- Mga serbisyo sa pananalita at wika
- Mga serbisyo kaugnay ng pandinig
- Pandagdag at alternatibong komunikasyon
- Oryentasyon at kakayahan sa paggalaw
- Mga serbisyo sa paningin
- Iniaayon na pisikal na edukasyon
- Occupational Therapy (uri ng terapiya na naghihikayat ng rehabilitasyon sa pamamagitan ng pagganap ng mga pang-araw-araw na gawain)
- Physical Therapy (paggamot sa pamamagitan ng pisikal na pamamaraan kagay ng pagmamasahe, paggamit ng init at ehersisyo)
- Pantulong na teknolohiya
- Pagpapayo (counseling) at mga serbisyo sa kalusugan ng isip
- Bokasyonal na edukasyon at pagpapahusay para sa karera

**Mga Serbisyo ng Resource Specialist (Espesyalista sa mga Mapagkukunan ng Tulong at Impormasyon) (TK-12)**

Makukuha ang mga serbisyong ito sa bawat paaralan na TK-12 ng mga estudyanteng may kapansanan at nakatalaga sa klasrum ng pangkalahatang edukasyon sa malaking bahagi ng araw ng klase. Nakapokus ang mga serbisyo sa pagkakaroon ng nilalaman ng asignatura na nasa antas ng grado kasama ang mga kaedad na pareho ang grado, pati na rin ang pagkakaroon ng indibidwalisadong suporta sa instruksiyon. May itinatalagang guro sa espesyal na edukasyon (na tinatawag ring Espesyalista sa Edukasyon o Education Specialist) sa bawat estudyante, at siya rin ang tagapamahala ng kaso (case manager) ng estudyante. Puwedeng ipagkaloob ang mga serbisyo ng Resource Specialist sa klasrum ng pangkalahatang edukasyon at/o sa hiwalay na lugar ayon sa nakasaad sa IEP ng estudyante. Puwedeng matanggap ng mga estudyanteng may kapansanang low incidence (mas mababa sa 1% ang bilang ng may ganitong uri ng malalang kapansanan) ang lahat, o bahagi, ng kanilang instruksiyon sa regular na klase, at/o puwede ring naka-enroll sila sa hiwalay na klase upang makatanggap ng espesyalisadong akademikong instruksiyon ayon sa nakasaad sa IEP.

**Special Day Class (klase para sa espesyal na edukasyon, SDC)/Hiwalay na Klase (TK-12)**

Ang mga Special Day Class ay para sa mga estudyanteng nangangailangan ng hiwalay na instruksiyon sa klase at mas maliit na klase para sa malaking bahagi ng araw. Inihahandog ang mga klaseng ito sa mga piling paaralan ng SFUSD. Itinatalaga ang mga estudyanteng nasa hiwalay na klase sa malaking bahagi ng araw sa klasrum na multi-grade (magkakasama ang nasa iba't ibang grado) na klasrum na may guro sa espesyal na edukasyon. Nakapokus ang pagtuturo sa pagkakaroon ng estudyante ng pamamaraang makakuha ng mga batayang pamantayan na para sa lahat (common core standards). May itinatalagang karagdagang suporta ng nakatatanda sa mga klasrum na SDC.

**Access - Ang Pantransisyong Programa (mga edad 18-22)**

Nasa landas ang mga estudyanteng kuwalipikado para sa Access, ang Pantransisyong Programa para sa mga Nasa Sapat nang Gulang (Adult Transition Program), para magkaroon ng Sertipiko ng Pagkompleto (Certificate of Completion) sa pagtatapos ng ika-12 grado. Kasama sa pagpoprograma ng Access ang edukasyon matapos ang high school, pag-eempleyo at mga kakayahan sa independiyenteng pamumuhay. Ang pang-indibidwal na mga pangangailangan, kalakasan, mas gusto at interes ng estudyante ang siyang nagbibigay ng impormasyon para sa mga serbisyo na IEP, para sa instruksiyon, kaugnay na mga serbisyo, karanasan sa komunidad, pagpapaunlad para sa pag-eempleyo, at iba pang layunin sa pamumuhay ng nasa sapat na gulong matapos ang pag-aaral. Kuwalipikado ang mga estudyante ng SFUSD na may IEP para sa mga serbisyo sa espesyal na edukasyon sa pamamagitan ng Access hanggang sa umabot sila ng 22 taong gulang, o makakompleto na ng High School Diploma.

| Kaunti lamang/Katamtaman | |
|---|---|
| TK | Stevenson, R. L. |
| K hanggang 5 | Buena Vista Horace Mann<br>Clarendon<br>Drew, Dr. Charles<br>Hillcrest<br>Longfellow (1 hanggang 5)<br>Parks, Rosa<br>Peabody, George<br>Revere, Paul<br>Stevenson, R. L. |
| 6 hanggang 8 | Aptos<br>Brown, Willie L. Jr.<br>Denman, James<br>Everett<br>Francisco<br>Giannini, A. P.<br>Hoover, Herbert<br>King, Dr. Martin L. Jr.<br>Lick, James<br>Marina<br>Presidio<br>Roosevelt, Theodore<br>Visitacion Valley |
| 9 hanggang 12 | Asawa, Ruth SOTA<br>Balboa<br>Burton, Philip & Sala<br>Galileo<br>June Jordan<br>Lincoln, Abraham<br>Lowell<br>Marshall, Thurgood<br>Mission<br>O'Connell, John<br>The Academy - SF @ McAteer<br>Wallenberg<br>Washington, George |

| Kaunti/Katamtaman (Nakapokus sa Autismo) | |
|---|---|
| K hanggang 5 | Garfield<br>Jefferson<br>Lakeshore<br>Miraloma<br>Sherman<br>Taylor, E.R. |
| 6 hanggang 8 | Denman, James<br>Everett<br>Giannini, A. P.<br>Roosevelt, Theodore |
| 9 hanggang 12 | Lowell |

| Katamtaman/Malala | |
|---|---|
| TK | Tule Elk Park Early Edu. School |
| K hanggang 5 | Alvarado<br>Huerta, Dolores ES (formerly Fair-mount ES)<br>Key, Francis Scott (4 hanggang 5)<br>Lawton (K hanggang 8)<br>Sanchez<br>Sunnyside |
| 6 hanggang 8 | Denman, James<br>Everett<br>Giannini, A. P.<br>Lick, James<br>Marina<br>Presidio<br>Visitacion Valley |
| 9 hanggang 12 | Balboa<br>Burton, Philip & Sala<br>Galileo<br>June Jordan<br>Lincoln, Abraham<br>Lowell<br>Mission<br>Washington, George |

| Katamtaman/Malala na may Pokus sa Autismo | |
|---|---|
| K hanggang 5 | Alamo<br>Glen Park<br>Grattan<br>Starr King<br>Sunset<br>Yick Wo* |
| 6 hanggang 8 | Aptos<br>Francisco<br>Giannini, A. P. |
| 9 hanggang 12 | Lincoln, Abraham<br>Lowell<br>Mission |

* Mayroong espesyalisasyon ang Yick Wo sa Discrete Trials (pamamaraan ng pagtuturo sa pamamagitan ng mga hakbang na pinasimple at may istruktura) at mga stratehiya sa alternatibong komunikasyon para sa mga estudyanteng hindi nakakapagsalita (non-verbal).

Para sa mga Prekindergarten na Klase sa Espesyal na Edukasyon, tingnan ang Gabay para sa Pag-aaplay sa PreK.





| Mga Serbisyo para sa Mga Estudyanteng May Emosyonal na Pagkaligalig (Emotional Disturbance) | |
|---|---|
| K hanggang 5 | El Dorado (3 hanggang 5)<br>Feinstein, Dianne<br>Flynn, Leonard<br>McKinley (3 hanggang 5)<br>Tenderloin |
| 6 hanggang 8 | Denman, James<br>Francisco<br>Hoover, Herbert<br>Presidio |
| 9 hanggang 12 | Balboa<br>Galileo<br>Lincoln, Abraham<br>Marshall, Thurgood<br>Mission<br>Washington, George |

| Bingi at Nahihirapan sa Pandinig | |
|---|---|
| TK | Chavez, Cesar (Total Communication o pamamaraang pang-edukasyon sa may kapansanan sa pandinig kung saan gumagamit ng ilang uri ng pakikipag-komunikasyon tulad ng pantulong sa pagsenyas, pananalita, at pakikinig at mga nakasulat at biswal na pantulong) |
| K hanggang 5 | Chavez, Cesar (Total Communication)<br>Lafayette (Pakikinig/Pananalita o Auditory/Oral)<br>Lilienthal, Claire* (Auditory/Oral) |
| 6 hanggang 8 | Presidio (Strands) |
| 9 hanggang 12 | TBD (aalamin pa) ang Lugar |

*Mayroong mga pagbabago sa pagdaloy ng tunog sa kuwarto (acoustical modifications) ang Claire Lilienthal sa mga pasilidad nito.

| Access - Mga Serbisyo para sa Pagtransisyon ng Nasa Sapat na Gulang | |
|---|---|
| Para sa mga estudyanteng Katamtaman/Malala na nasa edad 18-22 | Balboa<br>Burton, Philip & Sala<br>Galileo<br>Lowell<br>Marshall, Thurgood<br>Mission<br>O'Connell, John<br>Transition Training Center @ Bay St.<br>The ARC<br>Wallenberg |









# 2019-2020 Mahahalagang Petsa para sa Pagpapa-enroll

**Oktubre 13, 2018**
Pista para sa Pagpapa-enroll ng SFUSD, 9 a.m. - 2 p.m. sa John O'Connell High School

**Disyembre 14, 2018**
Huling araw ng pagsusumite ng aplikasyon sa Lowell High School para makapasok sa ika-9 grado (tingnan ang pahina 106)

**Enero 11, 2019**
Huling araw ng pagsusumite ng aplikasyon sa lahat ng TK-12 paaralan ng SFUSD sa Placement Period (panahon ng pagtatalaga ng puwesto) sa Marso

**Enero 16, 2019, 3:00 p.m.**
Huling araw ng pagsusumite ng aplikasyon sa Ruth Asawa School of the Arts (tingnan ang pahina 105)

**Linggo ng Marso 18, 2019**
Ipadadala sa pamamagitan ng koreo ang mga alok ng puwesto sa mga pamilyang nag-aplay bago sumapit ang Enero 11

**Marso 25-29, 2019**
Spring Break - sarado ang lahat ng paaralan

**Abril 5, 2019**
Huling araw ng pagpaparehistro at nang matanggap ang inalok na puwesto noong Marso // Huling araw ng pagsusumite ng aplikasyon para sa mga bagong puwesto sa paaralan para sa Placement Period sa Mayo

**Linggo ng Mayo 20, 2019**
Ipadadala sa pamamagitan ng koreo ang mga alok ng puwesto sa mga pamilyang nag-aplay bago sumapit ang Abril 5

**Mayo 31, 2019**
Huling araw ng pagpaparehistro at nang matanggap ang inalok na puwesto noong Mayo

# Kung Paano Mag-enroll: Mga Hakbang 1-3

## 01 Tumanggap ng inyong sulat na nag-aalok ng puwesto

Ipadadala ang lahat ng alok para sa puwesto sa address sa bahay ng aplikante na inilista niya sa aplikasyon. Kapag hindi ninyo natanggap ang inyong sulat para sa pagbibigay ng puwesto sa loob ng isang linggo ng petsang nakalista sa Mahahalang Petsa para sa Pagpapaenroll (Enrollment Key Dates) na nasa pahina 31, pakibisita ang Sentro para sa Pagbibigay ng Puwesto sa mga Institusyong Pang-edukasyon (Educational Placement Center, EPC) simula sa Miyerkoles matapos maipadala ang mga sulat sa koreo. Dahil sa kailangang seguridad sa identidad, hindi namin maibibigay ang impormasyon tungkol sa alok na puwesto sa pamamagitan ng telepono o email. Kailangang personal ninyong bisitahin ang EPC at magbigay ng ID na may larawan at isang patunay ng address, at nang matanggap ang kopya ng inyong sulat para sa pagbibigay ng puwesto. .

## 02 Magparehistro sa nakatalaga sa inyong paaralan

Kapag nakatanggap na ang inyong anak ng sulat para sa pagbibigay ng puwesto sa paaralan sa pamamagitan ng koreo, kailangan ninyong dalhin ang sulat kapag ipinarehistro ninyo siya sa nakatalagang paaralan sa loob ng panahon na nakasaad sa sulat ng paaralan. Ang mga estudyanteng hindi magpaparehistro bago ang deadline o huling araw ng pagpaparehistro ay hindi magagarantiyahan ng puwesto sa kanilang paaralan. Dahil dito, mahigpit na inirerekomenda na magparehistro kayo sa nakatalagang paaralan sa inyo, kahit na piliin ninyong mag-aplay sa iba pang paaralan sa mga susunod na placement period (panahon ng pagbibigay ng puwesto).

## 03 Kung kinakailangan, mag-aplay para sa mga bagong puwesto sa paaralan

Puwedeng lumahok ang mga pamilyang gustong makakuha ng paaralang higit na pinipili kaysa sa itinalaga sa kanila sa Placement Period sa Mayo. Pinahihintulutan nito ang mga pamilya na maglista ng bagong pangkat ng mga op-siyon ng pinipiling paaralan na ipoproseso sa pamamagitan ng proseso ng pagbibigay ng puwesto sa mga estudyante. Ang deadline para sa aplikasyong ito ay Abril 5, 2019, at ipapadala sa koreo ang bagong mga sulat para sa pagbibigay ng puwesto sa Mayo 17, 2018. Agad na ilalaglag ang mga pamilyang makatatanggap ng bagong puwesto mula sa paaralan kung saan sila dating nakarehistro. Para mag-aplay sa Placement Period sa Mayo, sundin ang mga instruksiyon na nasa inyong assignment letter (sulat na nagbibigay ng puwesto sa paaralan) at kompletuhin at isumite ang aplikasyon.

### Pag-urong ng Aplikasyon o Pagkaka-enroll sa SFUSD

Kung iuurong ninyo ang aplikasyon o pagkaka-enroll sa SFUSD dahil lumipat na kayo ng bahay, papasok sa pri-badong paaralan, o iba pang dahilan, pakiabisuhan agad ang Educational Placement Center. Sa pamamagitan ng pagkansela sa inyong puwesto sa paaralan, matatanggap ito ng iba pang estudyanteng humiling sa paaralang ito. Paki-email sa enrollinschool@sfusd.edu ang pangalan ng inyong estudyante, numero ng ID (kung makukuha, petsa ng kapanganakan, at ang inyong kahilingan na iurong ang aplikasyon o pagkaka-enroll.



# Polisiya sa Pagtatalaga ng Puwesto sa Mag-aaral

Gumagamit ang Polisiya sa Pagtatalaga ng Puwesto sa Mag-aaral ng SFUSD ng pagpili ng paaralan (school choice) bilang paraan upang makatulong sa paglikha ng kapaligiran sa pag-aaral na diverse, o may pagkakaiba-iba ang magkakasama. Nagsusumite ang mga estudyanteng nag-aaplay para sa paaralan ng SFUSD ng listahan ng mga pinili, ayon sa pagkakasunod-sunod, kung saan nasa pinaka-itaas ang pinakagusto (preferred o ranked). Kung walang limitasyon sa espayo, itinatalaga ang mga estudyante sa pinili nilang paaralan na nasa pinaka-itaas ng listahan.

Kung mas maraming estudyante ang hihiling sa partikular na paaralan kaysa sa makukuhang puwesto, gumagamit ang proseso ng pagtatalaga ng puwesto ng serye ng mga preperensiya, na tinatawag na tiebreakers (pagbibigay ng higit na puntos), at ala-suwerteng numero, upang maitalaga ang mga estudyante sa limitadong bilang ng bukas na puwesto. Nakalista ang iba pang impormasyon tungkol sa mga tiebreaker sa susunod na seksiyon. Ang mga estudyanteng hindi maitatalaga sa alinman sa kanilang pinili dahil sa mga limitasyon sa espasyo, ay itatalaga sa paaralan kung saan may makukuhang puwesto at pinakamalapit sa bahay ng estudyante.

**Attendance Area (Teritoryong Pinagsisilbihan)**

Ang attendance area ay heograpikong hangganan na nakapaligid sa karamihan sa mga paaralang elementarya. Walang attendance area ang mga K-5 paaralan para sa language immersion (paglubog sa wika), K-8 paaralan, middle (panggitna) o high school (mataas na paaralan). Tinutulungan ng attendance area ang estudyante na maitalaga sa malapit na paaralang elementarya kung hiniling ito. Hindi itinatakda sa estudyante na pumasok sa paaralang elementarya ng kanyang attendance area, at walang garantiya na bibigyan ng puwesto ang estudyante sa paaralang elementarya ng kanyang attendance area.

**Mga Paaralan at Programa na para sa Kabuuan ng Lungsod**

Ang ibig sabihin ng para sa kabuuan ng lungsod (city-wide), walang attendance area, at dahil dito, walang attendance area tiebreaker. Kasama sa mga paaralan at programang ito ang mga high school, middle school, K-8 paaralan, paaralan at programa para sa language immersion, paaralan at programa para sa newcomer (bagong dating na migrante) at ang SF Public Montessori School. Nasa limitadong bilang ng paaralan ang mga programang para sa kabuuan ng lungsod, at may iba't ibang kapasidad para sa pagpapa-enroll.

**Mga Pagtatalaga na Wala sa mga Piniling Paaralan (Non-Choice Assignments)**

Ang mga estudyanteng hindi maitatalaga sa isa sa kanilang pinili dahil sa kakulangan ng espasyo ay itatalaga sa paaralan na hindi inilista bilang piniling paaralan.

Ang mga ito ang mga patakaran ng polisiya na nagtatakda sa pagtatalaga sa mga hindi piniling paaralan:

- Tatanggap ang mga estudyanteng pumapasok sa paaralan ng SFUSD ng alok sa kanilang kasalukuyang paaralan kung may espasyo para sa hinihiling na grado.
- Tatanggap ang mga estudyanteng nag-aaplay sa mga gradong K-5 ng alok sa paaralan na nasa kanilang attendance area kung walang makukuhang espasyo sa kasalukuyang paaralan.
- Tatanggap ang mga estudyanteng nag-aaplay sa ika-6 grado ng alok sa kanilang feeder middle school (sistema ng pagtatambal ng paaralang elementarya sa pupuntahang middle school), kung may makukuhang espasyo, o sa paaralang pinakamalapit sa kanilang bahay kung may bukas na puwesto.
- Tatanggap ang mga estudyanteng nag-aaplay sa mga gradong 7-12 ng alok sa paaralang pinakamalapit sa kanilang bahay na may bukas na puwesto kung walang makukuhang espasyo sa kasalukuyang paaralan.
- Ang mga estudyanteng hindi naitalaga sa alinman sa kanilang mga pinili dahil sa limitasyon sa espasyo ay itatalaga sa paaralan kung saan may makukuhang puwesto at pinakamalapit sa bahay ng estudyante.
- Puwedeng humiling ang mga estudyanteng nag-aaplay para sa language pathway (landas sa wika) ng SFUSD, sa form para sa pag-aaplay, na maitalaga sa pinakamalapit na language pathway na may bukas na espasyo, sa halip na sa pinakamalapit na paaralan na may bukas na espasyo.
- Kailangang kontakin ang EPC ng mga estudyante na Lowell at/o SOTA na high school lamang ang hiniling, at hindi naitalaga sa mga paaralang ito, at nang mahiling nila ang iba pang high school ng SFUSD.

# Polisiya sa Pagtatalaga ng Puwesto sa Mag-aaral

# Polisiya sa Pagtatalaga ng Puwesto sa Mag-aaral

**Mga Tiebreaker**

Ang mga tiebreaker ay mga preperensiya na ginagamit upang bigyan ng puwesto ang estudyante sa hinihiling na paaralan, kapag mas malaki ang bilang ng kahilingan para sa paaralang iyon kaysa sa bilang ng espasyo na makukuha. Gagamit ng mga ala-suwerteng numero para sa pagtatalaga ng paaralan sakaling hindi magawan ng resolusyon ng mga tiebreaker ang pagkakatabla, o kung walang tiebreaker.

Posibleng maging kuwalipikado ang mga kahilingan para sa mahigit sa isang tiebreaker. Sa kasong iyon, palaging itatalaga muna ang mga kahilingan na may pinakamataas na ranggo sa preperensiyang tiebreaker, bago ang mga kahili-ngan na may mahigit sa isang tiebreaker pero mas mabababa ang ranggo.

Hindi ginagamit ang tiebreaker para sa mga estudyanteng nag-aaplay sa Lowell High School o sa Ruth Asawa San Francisco School of the Arts (SOTA). Gumagamit ang Lowell High School ng pamantayang akademiko sa pagtanggap at may proseso ng pag-aawdisyon ang SOTA. May makikitang iba pang impormasyon tungkol sa Lowell at SOTA sa mga pahina 103 hanggang 105.

**Magkakapatid**

Ituturing na magkapatid ang mga estudyanteng nakatira sa iisang address at pareho ang magulang/tagapatnubay.  Sa panahon ng pagpapa-enroll, tumutulong ang pagbibigay ng prayoridad sa magkakapatid sa mga pamilya na gustong pumasok sa iisang paaralan ang kanilang mga anak. Puwedeng italaga ang nakababatang mga kapatid sa paaralan ng nakatatandang kapatid kung papasok ang nakatatandang kapatid sa paaralan sa darating na akademikong taon at kung may makukuhang espasyo. Walang prayoridad sa magkakapatid para sa mga nakatatandang kapatid na gustong pumasok sa paaralan ng nakababatang kapatid.

**Mga Magkakakambal na Isang Pares, Tatlo, at Higit Pa**

Mga estudyanteng may isa o higit pang kakambal at humihi-ling na pumasok sa iisang paaralan ay dapat:

- ilista ang magkakaparehong paaralan sa lahat ng aplikasyon sa magkakapareho ring pagkakasunod-sunod; at
- i-tsek ang kahon na nagsasaad na gusto nilang pumasok sa iisang paaralan ang kanilang magkakambal na isang pares o higit pa.

Kapag itinalaga ang isa sa mga estudyante sa kanyang pini-piling paaralan, ilalagay ng proseso ng pagtatalaga ng mga estudyante ang (mga) kakambal sa parehong paaralan, kung may makukuhang mga puwesto. Kung walang makukuhang puwesto sa isa sa hinihiling na paaralan, magkakasamang itatalaga ang mga estudyante sa paaralan na pinakamalapit sa kanilang bahay at mayroong makukuhang puwesto.

**Mga Ranggo ng Tiebreaker para sa mga Antas ng Grado at Programa**


Naka-ranggo ang mga tiebreaker ayon sa uri ng paaralan at antas ng grado. Inilalarawan ng table o talahanayan na nasa ibaba ang naka-ranggong pagkakasunod-sunod. Nakalista ang mga depinisyon ng tiebreaker sa susunod na table.

| Antas ng Grado o Programa | Ranggo ng Tiebreaker |
|---|---|
| Transisyonal na Kindergarten | 1. PreK sa parehong paaralan<br>2. Kapatid<br>3. Lugar ayon sa mga Marka sa Eksamen (Test Score Area, CTIP1) |
| Pang-elementaryang Attendance Area (Teritoryong Pinagsisilbihan) | 1. Kapatid<br>2. PreK/TK na Attendance Area<br>3. Lugar ayon sa Mga Marka sa Eksamen (Test Score Area, CTIP1)<br>4. Attendance Area |
| Pang-elementaryang Paaralan na Para sa Kabuuan ng Lungsod | 1. Kapatid<br>2. PreK/TK<br>3. Lugar ayon sa Mga Marka sa Eksamen (Test Score Area, CTIP1) |
| Mga Landas sa Wika (Language Pathway) na Para sa Kabuuan ng Lungsod | 1. Landas sa Wika Kapatid (Language Pathway Sibling)<br>2. Landas sa Wika (Language Pathway)<br>3. Mga kapatid<br>4. Lugar ayon sa Mga Marka sa Eksamen (Test Score Area, CTIP1) |
| Mga Middle School | 1. Kapatid<br>2. Feeder (nagpapadala/pinadadalhang) na Middle School<br>3. Lugar ayon sa Mga Marka sa Eksamen (Test Score Area, CTIP1) |
| Mga Landas sa Wika (Language Pathway) na Middle School, ika-6  Grado | 1. Landas sa Wika Kapatid (Language Pathway Sibling)<br>2. Landas sa Wika (Language Pathway)<br>3. Kapatid<br>4. Feeder (nagpapadala/pinadadalhang) middle school<br>5. Lugar ayon sa Mga Marka sa Eksamen (Test Score Area, CTIP1) |
| Willie Brown Middle School | 1. Kapatid<br>2. Bayview<br>3. 94124<br>4. Lugar ayon sa Mga Marka sa Eksamen (Test Score Area, CTIP1) |
| High School | 1. Mga kapatid<br>2. Willie Brown Middle School<br>3. Lugar ayon sa Mga Marka sa Eksamen (Test Score Area, CTIP1) |
| Mga Landas sa Wika (Language Pathway sa High School | 1. Landas sa Wika Kapatid (Language Pathway Sibling)<br>2. Landas sa Wika (Language Pathway)<br>3. Kapatid<br>4. Willie Brown Middle School<br>5. Landas sa Wika (Language Pathway, CTIP1) |

Kapag hindi ninyo i-tsinek ang kahon, lalahok ang (mga) magkakambal sa proseso ng pagtatalaga bilang mga indibidwal na estudyante. Puwedeng magsumite ang (mga) magkakakambal na gustong pumasok sa iba't ibang paaralan ng magkakaiba ring kahilingan sa kani-kanilang form para sa pag-aaplay, at hindi nila dapat i-tsek ang kahon na nagsasabing gusto nilang pumasok sa iisang paaralan. Kapag hindi naka-tsek ang kahon, hindi sinusubukan ng proseso ng pagtatalaga na bigyan ng puwesto ang mga estudyante sa iisang paaralan.

**Mga Depinisyon ng Tiebreaker**

| Tiebreaker | Depinisyon |
|---|---|
| 94124 | Mga estudyanteng nakatira sa 94124 na nag-aaplay sa Willie Brown Middle School. |
| Attendance Area | Mga estudyante sa paaralang elementarya na nakatira sa attendance area ng hinihiling na paaralang elementarya. |
| Bayview | Mga estudyanteng naka-enroll sa  Carver, Drew, Harte, o Malcolm X na paaralang elementarya na nag-aaplay sa Willie Brown Middle School. |
| Landas sa Wika (Language Pathway) | Mga estudyanteng naka-enroll na at gustong magpatuloy sa landas na mahigit sa isa ang wika (multilingual language pathway). |
| Landas sa Wika (Language Pathway) Middle School Feeder | Mga papasok na estudyante sa ika-6 na grado na naka-enroll sa landas na mahigit sa isang wika (multilingual language pathway) sa paaralang elementarya na natukoy bilang feeder (pinagmumulan) para sa hinihiling na middle school at gustong magpatuloy sa multilingual na landas sa wika sa middle school na iyon. |
| Kapatid ng nasa Landas sa Wika (Language Pathway Sibling) | Mga estudyanteng naka-enroll na at gustong magpatuloy sa multilingual na landas sa wika; at may nakatatandang kapatid na naka-enroll na at papasok sa parehong programa. |
| Feeder (nagpapadala/pinadadalhang) Middle School | Mga estudyanteng papasok sa ika-6 grado na naka-enroll sa paaralang elementarya na natukoy bilang feeder (nagpapadala) para sa hinihiling na middle school. |
| PreK/TK Citywide | Mga estudyanteng papasok sa kindergarten na pumapasok ngayon sa preK o TK ng SFSUD sa paaralang para sa kabuuan ng lungsod na inaaplayan nila. |
| PreK/TK na Attendance Area | Mga estudyanteng PreK o TK na nakatira sa attendance area ng paaralang hinihiling; at naka-enroll sa preK o TK ng SFSUD na nasa parehong attendance area ng hinihiling na paaralan. |
| Kapatid | Nakababatang kapatid ng estudyanteng naka-enroll at papasok sa parehong paaralan. |
| Lugar ayon sa Mga Marka sa Eksamen (Test Score Area, CTIP1) | Ipinatutupad ang CTIP1 (Census Tract Integration Preference 1 o Pagbibigay ng Preperensiya Batay sa Pinagmulang Paaralan) sa mga estudyanteng nakatira sa mga lugar sa lungsod kung saan pinakamababaang karaniwang marka sa eksamen. Alamin kung nakatira kayo sa lugar na CTIP1 gamit ang aming lookup tool o kagamitan para sa pagkuha ng impormasyon: www.enrollinschool.org/lookup |
| Willie Brown Middle School | Mga estudyanteng nag-aaplay sa ika-9 grado na pumasok sa Willie Brown Middle School sa mga gradong ika-6, ika-7 at ika-8.  Ipinatutupad ito sa lahat ng hinihiling na high school maliban na lamang sa Lowell at SOTA, na may ibang polisiya sa pagpapa-enroll. |



**Paghahanap ng mga Lugar na CTIP1 at Attendance Area:**
**www.enrollinschool.org/lookup**



# Bisyon para sa Magkatuwang na Pakikipagtrabaho sa mga Pamilya (Family Partnerships) sa SFUSD

**Suportahan ang Matitibay na Relasyon:** Malugod na tinatanggap at nirerespeto ng mga paaralan ang mga pamilya, bumubuo ng mga komunidad sa malawak na hanay ng mga grupong may mga pagkakaiba-iba, at aktibong kinakasangkot ang mga pamilya upang malutas ang mga hindi pagkakasundo.

**Hikayatin ang Palitan ng Komunikasyon:**
Aktibong nakikipag-ugnay ang mga paaralan para marinig ang mga pamilya. Malinaw ang mga hakbang para sa komunikasyon at nakapanghihikayat ang mga ito ng palitan ng impormasyon at mga perspektiba.

**Maging Tulay para sa Pag-aaral:**
Hinihikayat at sinusuportahan ang mga pamilya upang maging kasangkot sa pag-aaral ng kanilang anak sa bahay at sa paaralan.

**Bigyang-halaga ang Diversity o mga Pagkakaiba-iba:**
Nirerespeto at pinagtitibay ng mga paaralan ang mga pagkakaiba-iba sa kultura, pinagmulan, at pamilya ng mga estudyante. Nagpapakita at nagtataguyod ang mga kawani ng Paaralan at Distrito ng kahusayan sa larangan ng kultura.

**Magsalita para sa Bawat Mag-aaral:**
Binibigyang-lakas ang mga pamilya upang maging mga tagapagtaguyod para sa lahat ng estudyante, at nang tratuhin sila nang pantay-pantay at magkaroon ng makatarungang daan tungo sa mga oportunidad para matuto.

**Bigyan ng Kapangyarihan ang Lahat at Isama ang Lahat sa Paggawa ng mga Desisyon:**
Hinihikayat ang mga pamilya na lumahok sa pormal at impormal na mga desisyon tungkol sa kanilang anak, paaralan, at Distrito.

**Ikonekta ang mga Pamilya sa mga Mapagkukunan ng Tulong at Impormasyon sa Komunidad:**
Nakatutulong ang mga istrukturang bukas sa mga pamilya upang makapagbigay ng daan sa mga mapagkukunan ng tulong at impormasyon, at mga serbisyo sa komunidad.

# Pakikilahok ng Pamilya at mga Mapagkukunan ng Tulong at Impormasyon

Kinokonekta ng Departamento para sa mga Paaralang Pangkomunidad at Magkatuwang na Pakikipagtrabaho sa mga Pamilya (Community Schools and Family Partnerships Department) ng SFUSD ang mga estudyante at pamilya sa SFUSD at mga serbisyong pangkomunidad upang mabigyan ng impormasyon, mapalahok, at mabigyang-lakas ang mga pamilya sa pagtataguyod ng tagumpay ng kanilang anak. Puwedeng makakuha ang mga magulang/tagapatnubay ng suporta mula sa maraming departamento ng SFUSD at katuwang na ahensiya na nakalista sa ibaba.

**Magkatuwang na Pakikipagtrabaho at Pabibigay-lakas sa mga Pamilya (Family Partnerships and Empowerment)**

